

PROLOGUE

It's Past Her Curfew

Patay! Iyan ang unang pumasok sa utak ko. I'm deads. No breath. No pulse. Like six-feet-under-kind-of-dead pag-uwi ko sa bahay.

Kung hindi pa dahil sa librarian na si Mr. Rodriguez, hindi ko pa mapapansin na ang dilim na sa labas. Kung hindi niya pa ako tinanong kung matagal pa raw ba ako kasi malapit na ang closing time sa library at sa buong campus.

Matapos maisauli ang mga ginamit na libro sa kani-kanilang shelves, kinuha ko mula sa back pocket ang cellphone para tingnan ang oras.

Shete! 9:30 PM na. Mas lumala ang pangamba ko nang makita na may 81 missed calls at 64 text messages na ako na hindi ko nadinig at napansin dahil naka-silent ang phone. Observe silence kasi sa library, di ba.

“Shootness! Double deads ako nito!”

Palabas na sana ako dala ang bag nang tinawag ako ni Mr. Rodriguez. Nag-alok siya na ihatid ako sa

bahay. Harmless sana kung hindi lang siya ngumiti na parang nagpapa-cute. He's only three years older than me sa tantya ko, at kung tatanungin ako kung cute siya, oo ang isasagot ko. He's the typical boy-next-door; fair-skinned, matangkad, matangos ang ilong, at may dimples na nagpapapansin kapag ngumingiti. I've sworn off guys like him.

I smiled back at him in response. Ngiting pilit. Sinabi ko sa kanya na may sarili akong sasakyang Pagkasabi niyon ay nagmamadali na akong lumabas ng library na parang hinahabol ako ng isang colony ng laywan. Ilang beses akong lumingon para siguraduhin na hindi ako sinusundan ni Rodriguez. Hindi normal na kaba ang naramdaman ko nang pakitaan niya ako ng motibo.

Nakahinga lang ako nang maluwag nang makasakay na sa motorsiklo ko. Pinaharurot ko iyon palabas ng campus. When I felt somewhat normal again, I stopped in front of a convenience store a couple of blocks from campus para i-check ang mga phone messages ko. None of them bode well for me but I got what I wanted after scrolling through them: I forgot about my fear of Mr. Rodriguez. Napatuloy iyon ng takot sa dadatnan ko sa bahay.

Bakit hindi? I'm way past my curfew which is

6:30 pm. And that's mostly what the messages say. A couple of them asked me where I am and why I'm not answering their calls or texts. Iyong huling batch puro naka-uppercase na, signifying na sobrang galit na sila. Dalawang pangalan lang naman ang lumalabas sa inbox at call logs ko, salitan lang: Michael at K.Fritz.

Sino sila? Sila lang naman ang dalawang overprotective na mga tao sa buhay ko. Ang OA talaga nila kahit kailan! Saan ka nakakita ng nasa college na pero may curfew pa rin?! Hindi na iyon uso sa panahon ngayon, di ba? They always freak out when I go a little over my curfew. Naman talaga!

Kaya heto ako ngayon, halos paliparin ko na ang motorbike ko pauwi sa bahay. Kung hindi dahil sa helmet, kanina pa siguro nabasag eardrums ko sa lakas ng busina ng mga sasakyang na ino-overtake-an ko. Eh naman kasi, ang bagal-bagal nila. Nakasalalay kaya ang buhay at kalayaan ko sa bawat minutong lumilipas.

Pagdating sa main road, kumapal pa ang traffic dahil sa celebrasyon sa plaza. Kapag sinuswerte ka nga naman talaga! Napilitan tuloy akong lumiko sa alley sa kanan. Wala ngang traffic pero madilim naman iyong lugar. Most of the streetlights are off and the others are in need of new bulbs. May iba na

nagfi-flicker pa.

I felt a different kind of dread creep up my spine as I continued to drive through the twist and turns of the said alley. Isa sa mga ipinagbabawal na daan kapag gabi ang napasukan ko dahil sa may naghahari rito na gang according kay Michael.

Pagliko ko sa kaliwa, tumambad sa akin ang nasabing gang at nasa kalagitnaan ang mga ito ng pambubugbog ng isang lalaki. Hindi ko makita kung sino, at malabong makilala ko kung sino iyon. But I could evidently see that it was eight versus one. Unfair.

In slow motion, they all turned to face me. Inihahampas-hampas pa nila ang mga dos por dos na kahoy na hawak sa isa pa nilang palad.

Naman.

I heaved a sigh.

Trust the twisted minds of Fate to introduce them to me tonight of all nights. Kapag sinuswerte talaga o! Naman, naman, naman! Another frustrated sigh escaped my lips.

“Ano’ng kailangan mo at napadpad ka sa ’ming territoryo?” maangas na tanong ng isa sa walo.

Naniningkit ang mga mata ng iba dahil sa headlights ng motor ko. Agad nagpanting ang tainga ko dahil ang ayaw ko sa lahat ay iyong tipong obvious na ang sagot, itinatanong pa.

I kept my temper, but I couldn't help myself from answering sarcastically. "Dadaan. Ano pa ba sa tingin mo?"

"Asbag mo, ah!" Kitang-kita ko ang pagngangalit-bagang ng lalaking nagtanong kasabay ng paghigpit nito ng hawak sa dos por dos na kahoy. Hindi na ako nagtaka nang makalipas ng isang segundo ay sinugod niya ako. May war cry pa ang damulag. "Tuturuhan kita ng leksyon!"

Psh. Magtatanong-tanong siya ng katangahan pagkatapos susugurin ako dahil maasbag ang sagot ko? Ano bang klaseng utak meron ang isang ito? Naman, o! Mapapaaway na naman ako. Patay na naman ako. Pang-ilan na ba 'to this week?

I revved up my engine and drove my bike straight toward the irritating guy rushing at me. The bike's wheel made contact with his foot crushing it in the process. The guy shrieked like a banshee which made me wince.

Ano ba 'yan? Ang lakas-lakas ng loob sumugod

pagkatapos kapag nasaktan naman ganyan kung makasigaw? The least he can do is man up! Para pang nilalagaring yero ang boses niya, makabasag-eardrums! Kung hindi ba naman kasi shunga! Hindi muna nag-iisip bago sumugod.

After a couple of blood-curling shrieks, the injured guy lost consciousness and dropped to the ground unceremoniously.

I let out a relieved sigh bago ibinaling ang atensyon sa natitirang mga kapre. They look like the normal goons that you see in the movies. Bulky. Mukhang naka-steroids. Balbas sarado. And their faces? Grabe! Hindi naman sa panlalait pero parang ilang beses na kasi silang nabugbog kaya na-deform na ang mga mukha. And right now, they look very comical. Halos malaglag na ang mga panga dahil sa pagkakanganga at lumuwa ang mga mata habang nakatingin sa kasamahan na kanina ay nagpapapalakat.

Although I wanted to laugh at their reaction, I kept myself from doing so and acted like I was still annoyed. “Ehem! Pwede nang dumaan?” I asked out loud.

But instead of getting a verbal response, sabay-sabay silang sumugod except d'un sa isa na medyo matino iyong mukha at pinakamalaki ang tiyan.

Siya yata ang boss. Lagi namang medyo matino ang hitsura ng boss kasi iyong mga aliping sagigilid niya muna ang pinapasugod niya, di ba?

I quickly turned off the motor's engine, leaving only the headlights on, and pocketed the keys. Naisip kong baka gawin din nila sa akin ang ginawa ko sa kasamahan nila. Katulad nga ng laging sinasabi ni Michael, better safe than sorry.

One of the goons swung his wooden weapon at me but I bended my body backwards and brought my right leg up and kicked him where the sun doesn't shine. Due to that, he ended up bashing the guy to his left on the face and they both started screaming profanities from the pain.

Jeez. My poor ears! I complained in my mind as I reached out and jabbed the pressure point just below the guy's left ear. He slid to the ground unconscious. I did the same move to the guy I kicked earlier at sinundan pa iyon ng isang sipa sa tiyan para mabilis itong matumba.

Sunod-sunod na sumugod ang mga natitira pang goons kaya wala akong choice but to fight dirty. I would jump out of their reach and would dash forward to incapacitate them with a kick or a punch on sensitive areas. It made them scream. Saka ko

sila patatahimikin sa pamamagitan ng pagpuntirya sa mga pressure points sa katawan nila, rendering them unconscious.

In mere seconds, I had four of them joined the first two sprawled on the ground. The seventh guy started running away from me while waving his weapon wildly before him. Nakipagpatintero siya at ang motor ko pa ang ginawang linya! Damuho siya!

“Ano ba? Lumapit ka nga nang matapos na ’to!” naiinis ko nang sabi sa kanya. Inuubos talaga ng damuho ang pasensya ko.

“Bakit, naiinip ka ha?” pang-aasar niya. Inihampas-hampas niya pa ang hawak na kahoy sa upuan ng bike ko.

Huwag lang magkakagalos ang motor ko... dahil kapag nagkataon, hindi na sisikatan ng araw ang bakulaw na ’to!

“Lumapit ka sabing duwag ka!”

“Duwag? Ako? Hah! Nagpapatawa ka ba? Ano’ng basehan mo at nasabi mong duwag ako? Miyembro ako ng isa sa pinakamalakas na gang sa lugar na ’to!” nang gagalaiting sigaw ng bakulaw habang akmang ihahampas ang hawak na dos-por-dos sa motor ko.

But before he could slam it down, I took off my helmet and hurled it toward his repugnant face. Bago pa siya makabawi, nalapitan ko na siya at sinuntok sa tiyan, kasunod ang isang sipa sa tagiliran ng leeg na nagpawalang-malay sa kanya.

“Naghanap ka pa ng basehan?” naasar kong tanong sa nakatulog na damuho.

Kaasar! Sinuklay ko palikod ang mga hibla ng buhok na humarang sa mukha ko gamit ang mga daliri ng kanan kong kamay. Bumuntong-hininga ako at ipinadyak sa kalsada ang kanang paa sa inis.

I strayed off the main road para hindi ma-traffic pero may humarang-harang pang mga bakulaw sa daan! Ang lapit ng swerte talaga sa akin kahit kailan! Note my sarcasm.

A shadow suddenly loomed behind me. Shootness! I forgot about the head of the misfits. Jeez! He's too close. I can feel the warmth of his breath as he exhales and it brought a wave of uneasiness in me. My heart started beating fast and cold sweat broke out of my body. I dropped down on the ground and rolled out of the way to escape the certain blow that will surely come from the guy behind me. Just as the piece of wood struck the ground, I stood up and jumped on to the guy's back and pressed, none too

gently, on the sweet spot on his neck. I didn't let go of his shoulders even when he slumped to the ground. Nakasakay lang ako sa likod niya nang nag-dive siya at hinalikan ang kalsada.

"Agh! Anak ng higanteng kabayo! This is too damn late in the night for this kind of exercise!" Napamura tuloy ako.

When my heartbeat went back to normal, I straightened up and went to retrieve my helmet. Pagkatapos, sumakay na ako sa bike at akmang bubuhayin na ang engine nito nang mahagip ng tingin ko ang lalaking nakaupo sa gitna ng kalsada. Iyong binubugbog ng mga kapre kanina.

His clothes are torn off in several places. Half of his face is covered in blood and his long black hair is in total disarray. Mataman lang siyang nakatingin sa akin. And there's no expression on his face, not even one of pain.

Nawalan kaya siya ng malay nang dilat ang mga mata? Kawawa naman. The guy doesn't even look like he can defend himself. Judging from his posture, he must be around six feet but his build is kinda lanky. Isang ihip lang siguro ng hangin, tutumba na itong taong 'to. Parang naka-hanger lang iyong T-shirt niya sa katawan niya. The shirt is three sizes too big for

his frame.

“Hey...” tawag pansin ko sa kanya. He blinked in response. Huh. “Can you stand?”

Did he really blink or imagination ko lang iyon? Nakatingin lang siya sa akin, eh. Baka hindi niya ako naintindihan?

“Kaya mo pa bang tumayo?” Teka. Bakit ko ba siya pinagkakaabalahan? Anong oras na ba? Ano na kaya’ng dadatnan ko sa bahay? Tiyak na masesermunan ako. Pero bukod d’un, ano pa kaya...?

Natigil ako sa pagmumuni-muni nang mapansing nakatayo na si ‘bloody guy.’ Hmm. The name fits. I quickly checked the time on my phone. 10:13pm. Wow! Meron bang triple deads? Kung wala pa... sa akin mauuso iyon! Any more delays at magiging quadruple ang parusa ko pagdating sa bahay.

Napatingin ulit ako kay ‘bloody guy’ at... ewan ko ba. Parang hindi ko kayang iwan siya rito kasama ng mga kapreng ’to, which is a first. Dati kasi kapag nakakita ako ng lalaking pinagtutulungan, I’ll come to his rescue but after that aalis na ako. Kaya medyo naguguluhan ako at bigla na lang akong nakakaramdam ng ganito toward this stranger. Bahala na nga si *Batman!*

“Idadaan na kita sa ospital,” I told him. *Psh!* Ang ewan ko talaga. “Sandali lang...” Dali-dali kong binuhay ang makina ng motor ko. Then I carefully drove it around the sprawled bodies on the ground and made a stop in front of him.

“Hop on...”

Kaso heto na naman siya, nakatingin lang sa akin. Naintindihan niya naman ako kanina. Bakit parang ngayon hindi na naman?

“Dadalhin kita sa ospital para magamot ’yang mga sugat...” Nakatingin pa rin lang siya.

Grabe, parang nakakatunaw ang titig niya. Bumuka ang bibig niya pero walang lumabas na salita. Eh?

“Bakit?” tanong ko.

Parehas pang kumunot ang noo namin dahil ako, hindi ko maintindihan kung ano ang gusto niyang iparating. Siya? I don’t have any clue kung ano ang problema niya. Bumuka na naman ang bibig niya pero wala na naman siyang nasabi. Medyo napaigtad pa ako nang bigla niyang igalaw ang mga kamay niya. He then proceeded to make sign language na hindi siya makaimik kasi may sumuntok sa lalamunan niya.

Ouch. Kaya pala.

“Then we really need to go to the hospital.”

Kumunot na naman ang noo niya.

Hindi ba siya nakakaintindi ng English? Pansin ko lang kasi tuwing English ang ginagamit kong lengguwahe, nakamata lang siya sa akin. *Psh!* Hindi naman siya mukhang bopols. “I mean, mas lalo nating kailangan pumunta sa ospital para matingnan ’yang throat mo. Ako’ng bahala sa ’yo...”

He started to shake his head, but I interrupted him with a stop sign.

I don’t have the time to argue with you, sa loob-loob ko.

I gestured to my back. “Sumakay ka na lang because I... kailangan na nating umalis dito. Please lang, gahol na ako sa oras.”

He moved slowly, with a slight sign of limping and climbed on my bike. I gathered my waist length hair and tied it in a knot before putting on the helmet. Then I turned to look at him to check if he’s still lucid. Thankfully, he still is. Baka kasi bigla na lang siya malaglag.

“Humawak ka dahil medyo mabilis akong

magpaandar.”

Sumunod siya kaso sa baywang ko siya humawak. Bakit nga naman hindi? Hindi ko naman nilinaw kung saan niya kailangan humawak. And his hands almost covered the width of my waist. Medyo napaigtad ako sa gulat. But my heart didn’t palpitate in fear like it usually did when a guy held me. Instead I had this weird feeling in my tummy. Parang may kung anong nagliliparan sa loob. Like... butterflies? Seriously?

Ano ba ’tong nangyayari sa akin? Ever since that incident, I don’t feel comfortable with guys touching me. So bakit pinaparu-paro ako at bakit hindi ako nare-repulse sa hawak niya? Naman, o!

One word entered my mind before I started the engine.

Weird.

1

Her Name is Mayumi

Dama ko na magkadugtong na ang mga kilay ko sa gitna ng noo ko.

Sobrang tigas kasi ng ulo ng mokong na 'to!

Naubos lang ang sampung minuto sa pakikipagtalo sa kanya kanina sa may emergency door. Kasi ba naman! Ayaw niyang sumakay sa wheelchair! He certainly doesn't look like he needs one kasi nakakalakad naman siya nang ayos. Kaya kahit anong paliwanag namin ni Luis, ang sirena kong kaibigan na nurse, na standard procedure iyon, hindi pa rin sumakay ang buset sa wheelchair!

Napakasutil!

In the end, siya rin ang nasunod. Mukha kasing kahit umagahin at tubuan kami ng ugat sa tapat ng emergency door eh hindi talaga siya matitinag. Kaya ipinapasok ko na lang ulit kay Luis iyong wheelchair. Sinabi ko rin sa kanya kung saan matatagpuan iyong mga kapre. Nag-aalala rin naman ako d'un sa sinagasaan ko, first time kasi. At hindi ako ganoon kasama para iwan silang walang laban

sa kalsada kaya inutusan ko si Luis na sabihin kay Tatay Ronald na sunduin nila iyong mga kapre para dalhin dito sa ospital.

Si Tatay Ronald ang dating family driver namin. Eh since may kanya-kanya na kaming sasakyang... nagseserbisyo na lang siya rito sa ospital. Pero sa bahay pa rin siya tumutuloy. Extended family na kasi namin iyon, eh.

Matapos ang bulungan namin ni Luis, umalis na siya kasama iyong wheelchair. Natatawa pa ang sirena dahil may mga napatumba na naman daw ako. Sabi pa niya, pangatlo na ito this week.

Ganoon ba ako ka-warfreak? *Psh!* Kinaladkad ko na lang si ‘bloody guy’ papasok sa emergency room.

Napatingin ako sa wall clock malapit sa information desk.

11:05 PM.

Shootness!

“Upo ka muna diyan.” I gestured to one of the unoccupied beds pero parang walang narinig ang mokong. Mataman lang siyang nakatingin sa akin. ’Ayan na naman iyong nakakatunaw niyang tingin. eh. Dahil naaalibadbaran, I stretched out my hand

and forced him to face away by smacking his right cheek lightly. “Sabi ko maupo ka hindi tumitig.”

Hindi pa rin siya gumalaw at nakatingin pa rin siya sa akin from the corner of his eyes. Tinapik ko ang pisngi niya ng dalawang beses.

“Upo sabi!”

There was a glint in his eye. Malay ko kung ano! Basta nakahinga ako nang maluwag nang umupo na siya sa kama. At least, medyo magka-height na kami at hindi ko na siya kailangang tingalain. But the relief was short-lived.

“Mayumi Sabelle!”

Hindi ko napigilan ang medyo paglaki ng mga mata ko sa narinig na sigaw.

Anak naman kasi ng tokwa! Isang tao lang ang kilala ko na parang may megaphone kung magsalita. At nakalimutan ko na night duty nga pala siya this week. Unti-unti kong nilingon ang pinaggalingan ng boses. At heto na nga po, nakatayo na sa likuran ko ang isang balingkinitang babae na may singkit na mga mata. Walang iba kundi ang kapit-bahay, self-proclaimed older sister at only best friend ko, si Mika Takahashi. Ayaw niya lang na tinatawag na ate. And, yes, may lahi siyang Japanese. She has almond-shaped hazel

eyes, high cheekbones and natural pouty lips. May brownish straight hair na naka-ponytail ngayon. She's 5'2" in height and around 110 lbs. Her built is slender and curvy at the same time.

"Mayumi!"

Ayan na naman ang naka-megaphone!

"Lower your voice, please. Kaharap mo lang ako, eh. Think of my poor eardrums. And I told you a hundred times already, don't call me Mayumi," angal ko.

Which of course, hindi niya pinansin. Like always. "Mayumi! Ano'ng ginagawa mo dito?"

"Dadayo ng tulog." I answered in a dry tone which earned me a slap on my right arm. Hindi pa nakuntento, inihampas niya pa iyong patient's chart na hawak niya sa kaliwang braso ko.

"Sumagot ka nang maayos!" sigaw pa ng luka-luka.

"Aray naman! Tatanong ka pa, eh! Ano ba'ng mga kadalasang dahilan kung bakit napunta sa ospital?" I sidestepped to the left para makita niya si bloody guy.

"OMG! Ano'ng nangyari sa kanya?!" Umangat pa ng ilang decibels ang boses niya. "Ano'ng ginawa

mo?”

Nanlaki na naman ang mga mata ko. Kung makapag-assume ang loka, o. “Ano’ng ginawa ko? Bakit ako? Anong klaseng tanong ’yan?”

“Binugbog mo siya?! ”

Luluwa na yata ang mga mata ko. Grabe, ha! Remember na naka-megaphone siya? Kaya lahat ng nasa emergency room sa amin na nakatingin.

“Binugbog?! There you go assuming again! Kung ako ang bumugbog sa kanya, why would I bother bringing him here personally?” depensa ko sa sarili.

“Sabagay.” Bumaba ang tono niya. Pahiya siguro.

Kasi naman! She always assumes that I go out and beat people up as a hobby. Hindi ko po ugali na mambugbog. Madalas lang mangyari na may nagtatangka laging manakit sa akin kaya lumalaban ako. It’s called self-defense. Kahit pa sabihin na I usually provoke them with words, basta sila ang unang sumugod, para sa akin self-defense iyon!

The nurse in Mika took over. Kumuha siya ng bulak, alcohol and some other things to treat the ‘bloody guy’ who is now back to gawking at me again.

I ignored him, well... tried to ignore him, and

watched Mika instead while she dabbed a cotton ball with antiseptic on his face.

Wala man lang nag-iba sa expression niya. Hindi ba siya nakakaramdam ng sakit? Hindi ba mahapdi iyong sugat niya? Dahil napunasan na iyong dugo sa mukha niya, kita ko na kung gaano kalaki iyong pumutok na balat sa may sentido niya. In the movies, di ba, kapag may babae na naglilinis ng sugat ng guy, nag-iinarte silang masakit. Bakit siya hindi?

And wow... it would be a major understatement kung sasabihin ko na may hitsura siya. Guwapo would be an understatement as well. His handsomeness is beyond God-like. If I would picture him as a god, he would be Ares; god of war. Kaso... hindi siya marunong makipagbakkalan so... si Hephaestus? Parehas silang may limp, eh. Parang hindi bagay. Hmm. Hindi rin pwedeng si Dionysus, may balbas iyon, si 'bloody guy' wala.

Ah, I know. Si Apollo. He was described as the most handsome Greek deity.

Teka lang! Bakit ko ba siya ikinukumpara sa mga Greek gods? Dahil sa god-like ang kagwapanan niya? Geez! Ang landi ko! Dahil iyon sa mythology book, iyong huli kong nabasang libro. Ang dahilan kung bakit inabot ako ng gabi sa library...

Mika's voice shook me out of my reverie. "Ano ba'ng nangyari?"

Ayaw ko sanang ikuwento kaso hindi naman ako niyan tatantanan. Hindi naman ako pwedeng gumawa na lang ng kung anong istorya kasi, according to the people na nakakakilala sa akin, I'm not a very good liar. Biking daw agad kapag nagsisinungaling ako. Kaya ikinuwento ko sa kanya ang mga pangayari simula sa library hanggang sa away na nangyari sa alley.

"What? You fought against eight men by yourself?"

Instinctively, tinakpan ko ang tainga ko, naka-turn on na naman iyong megaphone niya, eh.

"Nice! Lakas mo talaga, Yumi!" sabat ni Luis.

Napalingon ako at nikitang napapalibutan na kami ng halos lahat ng night shift. Naging kaimikan ko na rin ang mga iyan. Sa daming beses ba naman kasi na nandito ako para ipagamot ang mga sugat na natamo sa mga away na napasukan ko... May tab na nga ako dito, eh. Pero pansin ko lang na iyong mga babaeng nurses eh kay 'bloody guy' nakatingin. *Psh!* Ang ewan. Pero nakakaramdam ako ng kaunting inis. Inis para saan? Ang ewan talaga!

“Salamat,” tugon ko kay Luis matapos ngumiti. Proud ako siyempre sa fighting prowess ko. I spent the previous year perfecting my moves. Sinigurado ko na hindi na ako madedehado kahit kalian. Never again!

PLAK

Tumama ang patient’s chart sa ulo ko. “Ikaw talaga! Napakahilig mo sa away! Alam na ba ni Fritz ’yan?”

Kailangan ba talagang banggitin ang pangalang iyon? My body shivered on its own from trepidation.

“Don’t worry, Mika, for sure he knows na,” sabat ni Rachelle, isa rin sa mga nurses na ka-close ko. “Nagtatakbo palabas si Yvette para magsumbong.”

Napatawa ako habang nauupo sa tabi ni bloody guy. “What does she plan to do? Pumunta sa bahay ’coz if she calls him, he’ll just ignore it.” Ikinakampay ko pa ang mga paa ko dahil mataas ang kama at hindi abot ng mga paa ko ang sahig.

Napansin ko nang manlaki ang mga mata ni Luis at pati na rin ng iba na medyo ka-close ko.

“What?” asik ko sa kanila.

“Alam mo ba kung anong araw ngayon?” tanong

ni Luis.

“Wednes... Oh, shoot!” Napasampal ako sa sariling noo. *Stupid me.*

Sabay-sabay pa silang tumango with pity in their eyes.

Wednesday nga pala! Ibig sabihin ngayon ang weekly meeting ng mga directors ng hospital, which means nandito pa siya. Siya ang head of all directors, eh. Naman! I’m doomed!

Iuuntog ko ng isang malakas ’yang si Yvette! Masyadong sipsip! Bigla tuloy nangati ang mga paa ko na tumakbo na palayo. Yeah, right. Like that would do me any good!

“Are you going to run?” hula ni Mika.

“Gusto ko sana. But you know that he’ll just double the punishment if I do. AAARRGGH!” Hindi ko mapigilang magpapadyak sa pagkakaupo.

Nagtawanan ang mga luka at luko. Ang sarap pagsisipain! Kung hindi lang sila alagad ng medisina...

Pasalamat sila!

Wah! Ano’ng gagawin ko?

“Mika, will you give me that please?” tanong ko

sabay turo sa hawak ni Mika na cotton ball.

Nagtataka siyang napatingin sa akin. “Huh?”

“Let me do it. I need something to keep me busy para hindi ko maisipang tumakas.”

“Bakit hindi ka na lang magpunta sa office niya? Gan’un din naman iyon kaysa sa sunduin ka pa niya dito,” sabat ni Rachelle.

Nanlaki ang mga mata ko. “Gusto mo bang hindi na ako sikatan ng araw na may pulso pa? And it’s not the same. Hindi niya ako masyadong pagagalitan sa harap ninyong lahat. Kailangan niya munang kumalma.”

“You’re exaggerating!” Mika exclaimed. Iniabot niya sa akin iyong bulak.

“You know I’m not,” sagot ko habang nakikipagpalit ng puwesto sa kanya. Close kasi sila dati ni Kuya Fritz. Ewan ko nga ba kung bakit hindi na ngayon. Actually, may hinuha ako pero ayaw i-confirm ng bruhang ’to. Ewan ko sa kanila!

Humarap ako kay ‘bloody guy’ at hinawakan siya sa baba habang maingat na pinupunasang naiwang dugo sa mukha niya. Natahi na kasi ni Mika iyong pumutok na balat.

Gasps erupted from the onlookers.

Napatingin tuloy ako sa kanila. Mga nakanganga pa sila na parang ewan. Tatanungin ko pa sana kung bakit kaso pinaalis na sila ni Mika saying something na baka masabon pa sila ni Fritz.

Hearing his name brought another wave of consternation in me.

Napahigpit ang hawak ko sa bulak at sa chin ni ‘bloody guy.’ In response, he brought his left hand up and held my right hand, rubbing circles on it with his thumb.

Weirdly, I immediately felt calmer. And for the first time I see something I recognize in his eyes. Worry. Napangiti ako and squeezed his hand once.

“Thanks.” Buti pa siya nagpaparamdam ng malasakit sa akin and my impending doom.

“Mayumi!” sigaw ng isang baritonong boses.

Dahil sa gulat, napabitiw ako kay ‘bloody guy.’ The owner of that loud voice appeared behind Mika. He’s a little over six feet tall, slightly dark and handsome. He wears a thick-rimmed eyeglasses that gives him an I’m-always-serious nerdy look. His hair is combed toward the back and as usual there’s no

hair out of place. Lastly, there's an air of authority about him.

“K-Kuya...” bati ko, medyo nangatal pa yata boses ko.

Yep. Meet my older brother, Lord Fitzgerald Santibanez. Siya iyong K. Fritz sa contacts ko. Siya iyong isa sa mga overprotective na tao sa buhay ko. Ten years ang age gap namin kaya bahagya kaming magkasundo niyan, kung hindi ko pa lalambingin. And tonight, malabo na madaan 'yan sa lambing kasi he's very strict when it comes to my curfew. And because our parents are not here in the Philippines, he also acts as my guardian so there are times that he acts more like a father than an older brother.

“Care to explain why you’re here and not at home at this hour?” He asked so calmly but don’t be deceived ’coz I can feel the underlying anger in his voice.

“I can explain, there’s a really... really good reason behind it. But can we discuss this at home, Kuya?” I pleaded with my eyes, trying to tell him that there were a lot of witnesses here to what’s going to be the Third World War.

Kumunot ang noo niya, which... is usually not a

good sign. “No. We’ll discuss it in my office instead.”

This is going to be such a long, bloody night. Bigla tuloy akong nanlumo. *Psh!* Physically fighting with eight humongous guys is a piece of cake compared to defending myself against Kuya’s wrath.

“Can you give me five minutes?” I pleaded again. Mas lalong lumalim ang pagkakunot ng noo niya. “I swear, I’ll go to your office. I just need to do something first...”

A sigh escaped his lips before he nodded and walked out of the room.

“Good luck, Yumi,” sabi ni Luis from somewhere.

“That’s not helping, Luis,” I complained.

A large hand enfolded mine and I almost jumped from the shock I received when our skin touched. Tatalon na rin sana iyong puso ko kaso nang makita ko kung sino ang may-ari ng talipandas na kamay, kumalma ang buong katawan ko. Ano ba ang meron sa kamay niya? Valium?

“Thanks. I need to go but these guys will take care of you. Don’t worry about the bill. Mika will just put it on my tab. Oh, shoot!” Dere-derecho ako ng imik, nakalimutan kong hindi niya nga pala ako

naiintindihan kapag nag-i-Ingles. Ayoko pa man din na inuulit ang nasabi ko na. Then I remembered that there's also a problem with his throat.

“Ah, Mika...” I turned to look at her only to see na nakatingin siya sa magkahawak naming kamay ni ‘bloody guy.’ Her eyes showed surprise and confusion. I just ignored it and called her name again. “Mika!”

“Yes?” She answered as she lifted her eyes to mine.

“Someone punched this guy on the throat. He can’t speak right now. Is there someone, a specialist, who can examine him?”

“Yes, ’andito pa si Dr. Vergara. I’ll call for him.”

“Thanks, Mika.”

“Anong thank you? May bayad ’to.”

“Sure, singilin mo si Kuya.”

An unladylike snort came out of her lips. She’s not in good terms kasi with Kuya. Something happened before between them kaso ayaw niyang ikuwento sa akin. I’m too young to understand daw. *Kasura!* Kaya bilang ganti, I always mention Kuya’s name kapag gusto kong patahimikin ang Haponesang hilaw na ’to. Kapag nababadtrip kasi ’yang babaeng ’yan, hindi na

umiimik. Tulad ng dati, napangiti ako sa pagtahimik niya. But that immediately changed to a frown when the intercom buzzed.

'Paging Miss Mayumi Santibanez. Paging Miss Mayumi Santibanez. Dr. Santibanez needs to speak with you now. Please proceed to his office immediately.'

Eh? Ano raw?

Napatingin ako nang masama sa intercom box. Gamitin daw ba ang public address system for his personal sadistic use! Wala pa ngang five minutes ang lumilipas. Atat naman masyado si Kuya na sentensyahan ako!

'Paging Miss Mayumi Santibanez. Paging Miss Mayumi Santibanez. The director is looking for you; please proceed to his office immediately, or else...'

"That doesn't sound good, Yumi," Mika said. "You'd better go. Ako na'ng bahala sa kanya at sa paperwork." Then she lowered down her voice to a whisper. Kaya naman niyang bumulong kaso may pagka-palengkera lang talaga kadalasan. "Bumalik ka na lang dito later 'coz I have something important to ask you."

"Hai. Arigatou, Mika-nee." (Okay. Thank you, Ate Mika.)

“Balik ka dito, Yumi, kapag nagka-third degree burn ka, ha.” Rachelle bellowed from the information desk.

“Siyempre! Kasi ikaw naman ang igigisa ko!” I answered back.

Nagtawanan ang mga nakarinig na alam ang history ko dito sa hospital. Humarap ulit ako kay ‘bloody guy’ habang sinusuklay ang buhok ko in frustration.

“Sorry, kailangan ko nang umalis, pero huwag kang mag-alala. Mika will... Si Mika na ang bahala sa ’yo.”

He nodded after giving my hand another squeeze. He threw me a look that gave my confidence a boost. With that I left to face my executioner with some sense of tranquility.

2

If Only Words Can Kill

“Where the hell have you been? Why weren’t you answering your phone? Do you know how worried I’ve been? You should have been home by now!”

Iyan ang bumungad sa akin pagpasok na pagpasok ko sa opisina ni Kuya. Inintay niya naman akong makapagsara ng pinto, pero hindi niya na naintay na makaupo ako.

“Answer me, damn it!”

“Relax, Kuya. Baka pumutok mga litid mo,” pagbibiro ko para mapagaan ang atmosphere dito sa office niya. Kung magkaka-form lang ang tension na ine-emit ni Kuya, magiging liquid siguro at kanina pa ako nalunod.

“Sagutin mo tanong ko!” Mas lalo pa yatang tumaas at lumakas ang boses niya.

Naman! Nababadtrip na rin ako, ha. Alam kong mali ako pero ang OA na! Naupo ako sa pinakamalapit na upuan at huminga ng malalim bago sumagot. “I’m sorry, Kuya. Nasa campus library kasi ako and I was so

absorbed in the book that I was reading and I didn't notice the time."

"That's it?" Nang-aarok na iyong tingin niya.

"Uhm. Yeah."

"Okay."

Napakiling ako ng ulo dahil sa biglang pagbabago ng mood niya. Bipolar talaga 'tong taong 'to. And here I thought katapusan na ng buhay ko kanina. All that dread for nothing? Pssh! At least now I know kung ano ang pwede kong gamitin na alibi next time na lumampas ulit ako sa curfew. Kaso baka hindi na maging effective.

"So... who's the guy that you brought in? And what happened to him?" malumanay niyang tanong pero may kunot pa rin sa noo niya.

Hindi ko na nagawang pagnilay-nilayan muna ang sagot ko. "I actually don't know him. I was fighting with the biggest *kapres* that you can imagine—"

"Huh?"

"Can you believe the injustice in this world, Kuya! Walo sila na pinagtutulungan iyong guy 'tapos may hawak pa silang mga dos-por-dos."

“Were you in a fight again, Mayumi?”

At dahil kalmado pa rin ang tono niya, hindi ko pa rin pinag-isipan ang sagot ko. “Yes, Kuya. Napaka-unfair kaya.”

“Say what!”

Halos tumalon ang puso ko palabas ng ribcage sa sobrang gulat. Bigla na naman kasing sumigaw. Bakit na naman? Ano ba ang sinabi ko? Ay!

“Aheheh...” Stupid, STUPID me talaga! Me and my big mouth!

“How many times have I told you to stay away from trouble?”

“87 times,” wala sa loob kong sagot. Napangiwi ako nang hampasin ni Kuya iyong mesa niya. Sinagot ko lang naman tanong niya, eh. Naman, eh.

“Nanimilosopo ka pa?”

Ay, *hindi!* saloob-loob ko. Para sinabi ko lang iyong totoo. “Hindi po,” I answered out loud.

Napatungo si Kuya at bumuntong-hininga. Tinanggal niya pa ang glasses niya and he massaged the area between his eyes. When he’s like this, nag-guilty ako sa pagiging matigas ng ulo ko. Ayoko na

nagagalit siya o nag-aalala nang sobra dahil sa akin, pero kasi minsan ang OA na nila kaya gusto kong kumawala. That's why I do things that they don't want me to do, hence, the fighting.

“The reason why we taught you how to fight was for self-defense. Not for you to go use it whenever you feel like cracking some skulls.”

“Kuya, I wasn’t looking for trouble. I was heading home, they were blocking my path. You can say that... uhm... I was fighting for my life.”

“You wouldn’t be in that situation in the first place if you’d been home hours ago!” Tumaas na naman ang boses niya.

Ipagdiinan pa ba ang pagkakamali ko?

“Again, I’m sorry, but if I wasn’t there ano na lang nangyari d’un sa lalaki?”

“Even so! That doesn’t change the fact that you went against my wishes.”

“I got them sleeping in under 5 minutes, Kuya. They were weaklings.”

“Mayumi Sabelle!”

Nanahimik na ’ko. Ayoko na rin kasing

makipagtalo. And I know that I did the right thing. Plus, he called me by my full name. Isa iyon sa mga signs na he's near his limit. Baka lumabas na naman ang alter ego niya, iyong devil version niya. Mahirap awatin iyon.

“I’m sorry na, Kuya. I’m sorry I forgot about the curfew. I’m sorry that I made you guys worry.” Unti-unting nagbago ang hitsura niya, nagiging kalmado na siya.

My mind all but screamed the word bipolar.
BIPOLAR!

“I forgive you, however, I can’t let this incident go unpunished.”

Lumakas ang tibok ng puso ko sa kaba. Parang alam ko na kasi ang punishment ko. Pero, Lord, huwag naman po sana. Nag-sorry na ’ko, eh.

“Grounded ka for the rest of the month. Plus, I’ll chain your bike para hindi ka inaabot ng gabi sa labas.”

Sabi ko nga alam ko na! Tama iyong hula ko sa kung ano iyong punishment ko but I was still stunned. I know that I’ll be grounded pero hindi ko inaasahan na idadamay niya talaga iyong bike ko! First time ito. Nang makabawi, napatayo ako mula sa upuan at

itinuon ang magkabilang kamay sa mesa niya.

“Kuya naman! It’s just the fifth of the month... 25 days akong grounded at walang bike? Huwag naman, Kuya! Ano iyon, magko-commute ako? You can’t do this...”

Naisip ko lang na magko-commute ako, may makakatabing lalaki sa siksikan na jeep, nanlalamig na ang katawan ko. Mas lalong hindi ako pwedeng mag-trike dahil punuan system din ang patakaran ng mga tricycle drivers dito. Sinuswerte naman sila kung magbabayad ako ng para sa lima para lang masolo ko iyong biyahe! At hindi ko rin gusto iyong idea na ako lang ang pasahero. The mere thought of that brings chills down my spine.

“I can and I will. You don’t have the right to object ’coz you’re still a minor. And this should make you learn your lesson, I hope! At tungkol naman sa means of transportation mo, there’s Michael. Pwede kang sumabay sa kanya pagpasok. Mas safe pa iyong kotse niya kaysa sa bike mo.”

“Eh?! Seriously?!”

Parang willing na akong magbayad ng kahit magkano kada biyahe at i-bet ang buhay ko kaysa sumabay kay Mike pagpasok at pag-uwi! Kasi naman!

“I’m always serious.”

That is so true. Wala na yatang mas seseryoso sa mukha niya. And Michael? Michael is my awful twin brother whose hobby is to tease me ’til I’m blue in the face at gayahin si Kuya sa pagiging overacting at overprotective. Lagi pa siyang nakakontra sa akin.

“But that’s like torture for me,” angal ko. Mapagtitiisan ko naman siguro si Mike, sa tagal na naming magkasama sa bahay. Pero iyong makadena iyong bike ko? Aww. Pinagtrabahuhan at pinag-ipunan ko iyon kasi ayaw nga akong ibili ni Kuya kaya masasabi ko na galing sa dugo’t pawis ko ang *Dodge Tomahawk* ko. Ilang thesis at school projects na ipinagawa sa akin ng mga classmates ko ang pinagpuyatan ko para d’un. Siyempre, may bayad. And it’s not cheap. Idagdag pa ang sobrang pagtitipid ng allowance ko.

Kung tutuusin, kaya akong ibili ng bike ni Kuya dahil may kaya naman ang pamilya namin, but he’s a firm believer that we shouldn’t splurge on unnecessary things. He’s such a doctor! Napaka-praktikal at logical lagi!

“Exactly! It wouldn’t be called punishment if you’re enjoying it.”

Thanks for pointing out the obvious, you big lug!
I never thought that you could be this heartless,
Kuya! Nanghahaba na ang nguso ko sa sobrang inis.
Magrereklamo pa sana ako nang may kumatok sa pinto.

“Come in,” sigaw ni Kuya.

Pumasok si Wendy, ang secretary ni Kuya. Ngumiti siya sa akin bago humarap kay Kuya nang seryoso ang mukha. “Pinabibigay ni Dr. Dizon ang resignation niya.” May iniabot siya kay Kuya na envelope.

“What?” gulat na tanong ni Kuya. “Bakit biglaan?
Saan ako hahanap ura-urada ng neurologist na kasing-galing niya? Can you get me his number?”

“Yes, Doc. Teka lang po.” Dali-daling lumabas ng kuwarto si Wendy.

“Call Michael, tell him na sunduin ka!” baling sa akin ni Kuya.

“Sunduin? Paano ang bike ko?” angal ko.

“I’ll have Tatay Ronald drive it home. Masyado kang takaw-disgrasya kaya magpasundo ka!”

“No!” Namumuti na siguro ang mga knuckles ko sa sobrang pagkakuyom ko.

“You don’t have a say on this!”

“Kuya naman!” I whined. “I won’t get involved in fights again! Just don’t separate me from my bike. Kuya...”

“I won’t change my mind this time! You’ve exceeded my patience. And I’ve heard you say that too many times in the past. Call Michael now!”

With that, isinuot niya na ang eyeglasses niya at nag-proceed na sa pagbabasa ng paper na iniwan ni Wendy. That means I’m dismissed and that he won’t speak to me anymore. Kakainis!

Nagdadabog akong lumabas ng office niya habang dinudukot ang phone sa back pocket ng pants ko. When I found the number I was looking for, I pressed the call button. “Sunduin mo ’ko. Nandito ako sa ospital. Utos ng mahal na hari!”

Without waiting for his response, I ended the call at nagpunta na sa emergency room para maghintay. I immediately went to look for the ‘bloody guy’ but he was nowhere to be found. No. I am not looking for him because I’m attracted to him. I just need the Valium-like effect of his hands para kumalma. Since I couldn’t find him, I went to look for Mika.

“Where is he?” tanong ko kaagad nang makita ko siya sa nurses station, nag-aayos ng mga items sa

IsoBox tray niya.

“I don’t know, he walked out as soon as you left to see your brother and he didn’t even bother to glance at me when I tried to stop him.”

“He walked out? Bakit?” puno ng pagtataka at pag-aalala kong tanong.

Mika shrugged her shoulders.

Saan kaya nagpunta iyon? Okay na kaya siya? Well, he sure looks like he’s not in pain, but still...

I hope I see him again... ugh. Ewan!

I didn’t even get his name. Ang pangit kasi na ‘bloody guy’ lang ang itawag ko sa kanya. Pero kumusta naman iyon? Iwas dapat ako sa mga lalaki, di ba? But with him, I feel comfortable. It’s kinda weird.

Bagay na hindi nakaligtas sa talas ng pakiramdam ni Mika. She grilled me for the next twenty minutes about the ‘bloody guy’ and my not normal reaction to him. Buti na lang a too familiar blue car pulled in front of the emergency door. With a quick goodbye and without a backward glance, I made haste to the car, opened the door at the back and slid in.

“Bakit ka diyan naupo? Magmumukha akong driver mo!” reklamo ni Michael na nasa harap ng

manibela. “Tsaka bakit ’andito ka na naman? Ano’ng nangyari?”

I ignored him. I lay down on the leather seat and closed my eyes. As soon as I did, the face of the man I helped appeared in my mind.

Bakit nga ba?

“Sissy, don’t ignore me. And get your ass over here on the front passenger seat!” pagalit na utos ni Mike.

Again, I ignored him and acted like I was fast asleep. He muttered a couple of profanities under his breath and I felt the car move as we drove off. The ride home would have been very quiet was it not for the soft music coming out of the stereo. Mike would mutter something every now and then. I’m sure he’s just cursing me and my hardheadedness.

Nang maramdaman kong tumigil ang kotse, I immediately sat up and went out of the car. I ran into our house and into my room. And when my tired body crashed on my soft bed, agad akong nakatulog but not before his face appeared again in my mind.

I really hope I see him again.

Psh! I am so getting weird.

3

Hey, We Meet Again

“Ugh. Asan ba iyon?” antok na bulong ko sa sarili habang kinakapa ang ibabaw ng bedside table. Patuloy sa pag-iingay ang buset na alarm clock.

“I’m awake already. Naman!” I complained as I sat up in bed to look for the stupid phone. Naiirita na ako. Sobra! Nasaan na ba kasi iyong cellphone ko? Ihahagis ko na sana iyong unan na hawak ko nang bumukas ang pinto ng kuwarto ko at dumungaw ang isang mestizo, matangkad, may matangos na ilong, manipis na mga labi at may medyo singkit na mga matang lalaki. Walang iba kundi si Michael, ang twin brother ko.

“Hey, Sis, are you fully awake now?” tanong niya na may nakakalokong ngiti sa mga labi.

“I should have known. Ikaw ang nagtago ng phone ko, ano?”

“Yup.” May pop sound pa sa dulo iyong pagkakasabi niya. Ang aga-agá, iniirita na naman ako. Naglakad siya papunta sa open veranda at may kinuha sa gitna ng horsetail plant ko d’un.

Wah! Ang cellphone ko!

Nakangisi pa siya nang iabot sa akin iyong phone. Buset na unggoy! Pagkakuha ko ng phone, inihampas ko naman sa kanya iyong unan na hawak ko.

“Ouch!” sigaw niya.

Ang OA, ha! Kahit kailan talaga! Paano naging masakit iyon, eh, ang hina ng hampas ko? “Bakit mo d’un nilagay? Paano kung umulan kagabi?” angil ko.

“But it didn’t, so chill, little sister.”

“I’m older than you, stupid!”

“I was referring to your height.”

“I’m 5’3”, dumbass!” Average height kaya sa isang Pinay ang height ko!

“I’m still taller than you and don’t use such crude words.”

See? Lagi na lang nakakontra, di ba? Kung makapag-utos pa. Grrr. Mas grabe nga siyang magmura, in Tagalog pa kaya. Ang lutong! ’Tapos ako pa ang pagbabawalan niya? Psh! Hindi pwede!

“By only four inches and don’t tell me what to do!” ganti ko.

“Taller is taller. Just accept it. You’re still little compared to me. Now get moving. I don’t want to be late again for practice because of you.”

Captain kasi siya ng basketball team ng school, so required silang pumasok nang mas maaga. Two hours lang naman. TWO HOURS lang naman akong tutunganga sa school kasi na-confiscate ang bike ko kaya kailangan kong makisakay sa kotse nitong si Michael. Hindi ko naman kaya na mag-commute.

“Fine! Just get out of my room! Panira ka talaga ng araw.” I huffed. I don’t usually back down from our squabbles, kaso ang hirap makipagtalo sa isang ’to. Lagi kasing may sagot. And for the past three days na nakikisabay ako sa kanya, I have learned to save my strength and just shut up. Lumabas na nga siya ng kuwarto at ako naman ay naghanda na sa pagpasok.

Matapos maligo at magbihis ng uniform, pumunta na ako sa breakfast room dala-dala ang school bag ko. Nasa hagdan pa lang, dinig ko na ang boses ng two-year-old na anak ni Michael na si Raphael Mirko.

Yup. Anak ni Michael na twin brother ko. Pauwi na kami n’un ng Pinas nang iwan sa doorstep namin sa New York si Raphael with a note na si Michael nga raw ang ama na may kasama pang paternity test result. Kaya ’ayun, isinama na namin siya pauwi

matapos maayos ang papers niya. Kung bakit kami nasa New York ni Michael, I'll tell you another time. Kung paanong naging anak niya si Rap, that's easy to answer. Napaka-playboy kasi ng kakambal ko. According to him, binabalaan niya naman daw ang mga nabibiktima niya na hindi niya seseryosohin ang relasyon nila, may mga pumapayag naman. I know he practices safe sex kaso hindi naman 100% fail safe ang condom kaya 'ayan.

“Papa! I want mik.”

“Yes, I know, just sit there patiently, kiddo,” sagot ni Mike.

“Check mo muna baka masyadong mainit,” sabi ni Kuya Fritz. Ang bait ng tono. Hindi na siguro badtrip.

“Kuya, I know what I’m doing! Kanina ka pa, eh!” naiiritang reklamo ni Mike kay Kuya.

“Paano kasi mali-mali ginagawa mo! ’Tsaka ’wag mo ’kong masigaw-sigawan, ha! Babalian kita ng buto!” Nakakunot-noong mukha ni Kuya ang tumambad sa akin pagpasok ko ng komedor at nasa akto siya ng pagbibilot ng diyaryo. At kelan pa nakabali ng buto ang binilot na diyaryo? Adik lang?

“Not in front of my kid.”

What an idiot! Magpapabali siya ng buto kapag wala si Raphael? Naupo na lang ako sa usual seat ko. Dali-daling bumaba ng silya niya si Rap, lumapit sa akin at niyakap ang legs ko.

“Mama! Mama, moyning hug.”

Napangiti ako kahit badtrip ang gising dahil sa ama niya. Napaka-sweet kasi ni Rap and I'll make sure that he's not going to grow up like his idiotic father. Binuhat ko siya at iniupo sa kandungan ko. And just to be clear, Mama ang tawag niya sa akin since ako lang ang pwedeng maging mother figure dito na ka-edad ng papa niya. ’Tsaka kahit ano’ng turo namin na Auntie ang itawag niya sa akin, ayaw niyang sundin. Kaya ’eto, pinaninindigan ko na lang ang pagiging mommy niya.

“Mama! Moyning kisses...” Pagkasabi n'un, pinagki-kiss niya na ang braso ko. Napaka-sweet niya talaga, napakahilig din sa skinship, mana sa father niya. Siya lang ang bukod-tanging nato-tolerate kong humawak sa akin. Well, that was before I met ‘him.’

“Ako din, Mama, pa-kiss,” sabat ni Mike.

“Tumigil ka, ha! Hindi pa ako nakaka-get over sa ginawa mo kanina,” angil ko.

Nag-tch lang siya at itinuloy na ang pagtitimpla

ng milk ni Rap.

“Mama? Gayit?”

“Nope, baby, hindi ako galit. Look, o.” Itinuro ko pa ang mukha ko na may pilit na ngiti. “Mama’s smiling.”

His ebony eyes met mine. Mataman niya akong tiningnan bago siya ngumiti rin at pinaghahalikan ulit ang braso ko. Naman! Parang sinukat muna iyong sinabi ko, eh. Iniayos ko siya ng upo sa lap ko para makakain na ako. Mike would fuss again if he’s even a minute late for their practice.

Ibinigay ni Mike ang milk bottle kay Rap kaya tumigil siya sa pagtadtad ng halik sa braso ko.

“Don’t forget to drink your vitamins, guys,” paalala ni Kuya nang sabay kaming tumayo ni Mike matapos mag-almusal.

“Yes, Kuya.” If I can without getting any repercussion, I would have rolled my eyes heavenwards. Iniabot ko sa kanya si Rap matapos halikan ito sa ulo. Sumama naman agad siya kay Kuya. Ginaya ni Mike ang ginawa kong paghalik sa ulo ni Rap.

“Yeah, sis. Don’t forget your meds kasi baka hindi ka tumagal maghapon. Baka lunchtime pa lang mag-

agaw antok ka na. Napakahimatlugin mo pa man din,” panimula na naman ni Mike sa pang-aasar.

“Same goes for you. Baka ipatawag na lang ako ng Administration kasi nagtututulo na naman ang laway mo. Kapag kasi hindi mo iniinom ang meds mo lumalabas ang pagka-asong ulol mo!” ganti ko sa kanya, sabay smirk. Hindi kami nagsasawang dalawa sa pagbabangayan.

“Both of you are going to be late if you keep up this stupid exchange. Take your vitamins and get out of my sight. Now!” sabat ni Kuya. He was regarding us with his arctic gaze.

Mike’s expression mirrored mine as we moved as one toward the medicine cabinet. Mike got there first. He took two pills from the bottle and flicked one toward me which I caught effortlessly.

Sa Manila kami dati nag-aaral but because of a certain incident, ipinadala ako ni Kuya sa States. Sumama si Mike at napilitan kaming tumigil ng isang taon dahil... basta! So... iyon. May pagka-sweet din naman si Mike kasi titigil din daw siya sa pag-aaral niya para sabay pa rin kami. Hindi naman tumutol si Kuya.

And when we got back here in the Philippines,

dito na kami pinag-enroll ni Kuya sa university sa hometown namin. Dati ayaw niya rito kasi pangit daw ang ugali ng nagpapalakad. But he changed his mind at sinabi niya pa na mas safe kami sa loob ng *Robertson University*.

Last week na ng July ngayon kaya medyo makulimlim ang panahon. A block away from the school's back gate, pinababa na ako ni Mike para lakarin iyong natitirang distansya. Ang bait, di ba? 'Tapos siya, d'un sa main entrance dadaan para raw walang makakita sa amin na sabay pumasok. Bawal kasi. Utos din ni Kuya kasi takaw away rin itong si Mike. Baka raw madamay ako kapag nalaman na magkapatid kami sa school.

Wala rin namang maniniwala kung sakaling sabihin ko na twins kami. Ang layo kasi ng hitsura namin sa isa't isa. Si Michael medyo singkit ang mata kaysa sa akin. 'Tapos iyong kulay ng mata niya black; sa akin hazel brown. Midnight black ang hair color niya 'tapos sa akin auburn (reddish-brown).

For the fourth time this week, I found myself heading to the greenhouse. Peaceful dito, wala kasing tumatambay. Since wala akong choice kundi maagang pumasok dahil kailangan kong makisabay

kay Mike, sa greenhouse ako nagpapalipas ng oras.

Iniwan ko ang bag ko sa bench na lagi kong inuupuan 'tapos nagtungo na ako sa maliit na shed sa dulo ng greenhouse. Nandun lahat ng gardening tools 'tsaka iyong hose. Balak kong diligan iyong east part ng greenhouse. May sakit kasi si Tata Romel, iyong gardener, kaya pansamantala na walang nag-aalaga sa lugar na 'to. Malulungkot iyon kapag nalanta ang mga halaman niya.

Biyudo na si Tata Romel sa edad na forty-five. Wala siyang anak at ang mga halaman dito sa greenhouse ang itinuturing niyang mga anak.

I made it my business na alagaan ang mga halaman since wala akong mas importanteng gagawin.

Umakyat ako sa limang baitang na hagdan ng shed at hihilahin ko na sana pabukas iyong pinto nang bigla iyong bumukas. Tinamaan ako, na-out of balance at napaupo sa lakas ng pagkakabalya ng pinto, sapo-sapo iyong noo ko.

“Naman!” reklamo ko. Di biro ang sakit, ha. Hinihintay kong mag-sorry sa akin iyong nagbukas ng pinto, pero lumipas ang ilang segundo na wala pa ring umiimik.

Pipi ba siya?

Mayumi 1 - Ravenrhae

I lifted my head and saw someone hunched down in front of me. Sobrang lapit ng mukha niya sa akin. And the biggest surprise of all was that I didn't expect to see him again. Well, not this soon anyway.

4

Cat Got Your Tongue?

I really didn't expect to see him again. And not this soon. And definitely not this close! Parang one inch na lang ang layo ng mukha niya sa mukha ko.

I can see that he has long thick eyelashes and his eye color is more of a shade of brown with golden flecks than black. The cut he had before healed pretty nicely and it gave his face a kind of dangerous look. Iyong mga mata niya nakakatunaw pa ring tumingin. Napakakinis din ng mukha niya, parang kahit kailan hindi pa siya tinutubuan ng pimples. At bakit namumula ang mga labi niya?

Nagsisimula na namang bumilis ang tibok ng puso ko at nagpapawis na ng malamig ang katawan ko. Akala ko ba immune ako sa kanya? Bakit ako nagkakaganito? I tried to move backwards kaso may potted plant sa likuran ko. Hindi rin pwede sideways kasi nasa pagitan ng legs niya ang dalawang paa ko. And the worst part is... there's a stinging pain coming from my left ankle. Nabalian pa yata ako. Naman!

“Move away please,” utos ko.

Heto na naman siya, nakatingin lang sa akin with those expressionless eyes of his.

“Will you move away please?” Then, naalala ko na hindi niya nga pala ako naiintindihan kapag nag-i-English. “Layo ka sa—”

Hinarangan niya ang bibig ko with one of his fingers and a jolt of electricity traveled from his fingertip to every nerve in my body. What the heck was that? Again?

Hindi ko mahalata kung naramdaman niya rin iyong naramdaman ko dahil tumungo siya at may kinuha mula sa backpocket ng pants niya. A phone.

Nangunot ang noo ko.

Phone? Huwag mong sabihing hihingin niya number ko? At a time like this? Iniharap niya sa akin ang screen, after typing something in it.

r u okay? Btw, I cn understand Eng

This time, nagdugtong ang dalawang kilay ko. Aminin ko man o hindi, dahil na rin sa kahihiyan. Assuming din ako, eh.

“Yun naman pala, eh! Bakit hindi ka kaagad nagre-react! Move already!”

Instead na kumilos at sundin ako, nag-type na naman siya sa phone at ipinakita ulit sa akin ang screen.

r u okay?

Nagtanong pa! Kukutusan ko ang guwapo, este, erase! Kukutusan ko ang unggoy na 'to! “Do I look like I’m okay? Why won’t you move away?” I answered through clenched teeth.

y?

“Because you’re invading my personal space and your handsome face is too close to mine. I’m having a hard time... breathing and it’s making my chest hurt...” hindi nag-iisip kong sagot. Ganyan talaga ako kapag badtrip na.

Medyo nanlaki ang mga mata niya then he bumped his forehead lightly to mine, laughing at the same time. Pero dahil wala siyang boses kaya silent laughter ang kinalabasan... parang eng-eng lang.

“Bakit?” naaasar kong tanong. Bigla-bigla na lang kasing tumatawa. Ano ba’ng nakakatawa sa sinabi ko? “Bakit nga?”

u sounded lyk u'r confessing

“Confessing? Si Narcissus ka ba? I was just merely

saying that you're invading my personal space!"

Alam n'yo iyong feeling na galit ka pero hindi mo mapanatiling galit ka kasi hindi siya kaagad maka-respond sa 'yo at kailangan niya pang i-type sa phone kung ano ang sagot niya? After 2,373,482,634 minutes (of course I'm exaggerating), ipinakita niya ulit sa akin iyong screen ng phone niya.

d name s Irvine not Nar-sumthing, n u said sumthing longer dan dat

Eh? Totoo? Parang hindi naman... Sa sobrang inis kasi nakalimutan ko na iyong ibang sinabi ko after d'un sa personal space. Kapag ganito kasi ang state of mind and body, ko nagiging mala-goldfish ang haba ng memory span, three seconds lang.

"I don't remember saying anything else," paliwanag ko.

Mataman niya akong tiningnan bago ibinaling ang atensyon sa hawak na gadget. Iniharap na naman niya sa akin iyong screen ng phone niya matapos mag-type.

f u say so. Cn u stand?

"Eh, paano 'ko malalaman kung makakatayo ako, eh, nakaharang kang damuho ka?"

He stared at me again for about a minute before he stood and moved to the side. Unti-unting bumalik sa dati ang tibok ng puso ko. Nakakahinga na rin ako nang ayos. Phew!

u say such weird things

Weird things? At ako pa raw ang weird? Ako pa? Siya nga 'tong weird dahil sa nakaka-hyperventilate niyang face. Kaasar! Inignora ko na lang siya at pinagtuunan ng pansin ang pagtayo. Namuo ang butil-butil na pawis sa noo ko and on top of my lips. Grabe ang sakit! This is not the first time na nabalian ako pero that doesn't mean na immune na ako sa sakit.

After ten years, nakatayo na rin ako sa wakas, but I had to put all of my body weight on my right feet. Psh! Next problem: Paano po ako lalakad? Sinubukan ko na magtuon ng bigat sa kaliwang paa ko. Anak ng tipaklong na naapakan ng dambuhala! Ang sakit!

Napapikit ako sa sakit na dumaloy sa buong katawan ko. Conclusion: Huwag patanga-tanga! I heard a click sound then the next thing I knew, I was airborne! Napamulat akong bigla para lang makita si "bloody guy" looking down at me with a frown on his face.

“Ano’ng ginagawa mo?” Hindi ko napigilang isigaw ang tanong ko. Siyempre, hindi siya makasagot kasi buhat-buhat niya ako, bridal style pa! Nakakahiya... “Ibaba mo ako!”

The frown on his face deepened for a while before his expression became passive again.

“Hoy! Ano ka ba? Ibaba mo sabi ako! Ang alam ko pipi ka, hindi bingi ha!” I’m starting to panic. Nakakahiya mang aminin, pero kasi... I’m afraid of heights. Kahit pa sabihin na four feet lang ang layo ng katawan ko sa lupa. Basta hindi ko magawang ilapat ang paa ko sa lupa, inaatake ako ng acrophobia.

Naman!

“Hoy! Damuho ka! ibaba mo sa...aghuhh!” My torso suddenly tilted backwards. Paano ba naman kasi he withdrew the arm holding my back. Nanlaki ang mga mata ko sa gulat and I instinctively grabbed his shoulder and neck. “Anak ka ni Satanas! Ang sabi ko ibaba mo ako hindi ilaglag.”

Ang tanging sagot na nakuha ko sa kanya ay ang silent laughter niya na parang ewan. Buset! I lost 10 years of my life sa ginawa niya. Wagas pa siya kung makatawa!

Sa inis, sinapok ko nga siya. Napatigil siya bigla

sa pagtawa at napatingin sa akin. Something glinted in his eye for a second that brought shivers up and down my spine. Matatakot sana ako sa kanya kung hindi lang ako badtrip.

“Saya mo, ha!” reklamo ko. Inayos ko ang pagkakakapit sa kanya na ikinataas ng kilay niya. Grabe ang taas, ha! Mala-Mt. *Everest*, talo pa ako, hanggang Mt. *Apo* lang ang kaya ng kilay ko.

“In case ihulog mo na naman ako just for your sadistic gratification!” I explained.

Napangiti siya pero hindi niya pa rin ibinabalik ang kamay niya sa likod ko. Instead, he showed me his phone with something written on it.

u'r so loud

Kung normal na babae lang ako, nasaktan na ako sa sinabi niya. “Sira ka pala, eh. You opened the shed’s door so violently, namumuo na ’yung bukol sa noo ko! My ankle’s twisted and aching as well! You carried me without my consent and played a prank on me by scaring me to death and now you’re complaini—”

i'll kis u 2 make u shut up

“Ano?! Subukan mo lang na ugok ka! Hindi lang

sapok ang makukuha mo sa 'kin. Manghihiram ka ng mukha sa palaka at gagapang ka sa lupa because I'll break every bone in your legs!"

u'r hurt, u cn't do much damage

"Oh? Wanna bet?" I adjusted my hold on him 'tapos pinagapang ko ang mga daliri ko sa kanang parte ng leeg niya, stopping on top of my favorite pressure point there. "You're kinda vulnerable right now, since your hands are full... so wanna test it if I can do you damage?" I said that with a smirk on my face.

Ewan, pero nawala iyong kilabot na usually kong nararamdaman kapag may lalaking malapit sa akin. Eto nga at buhat niya ako pero nagawa ko pang makipag-asaran sa kanya nang normal.

i'll pass. doesn't ur ankle hurt?

Now that he mentioned it, nararamdaman ko na naman iyong sakit. Ipaalala ba naman kasi! "Of course, it freaking hurts!"

den I'll bring u 2 d hospital

Gusto ko pa sanang umangal at magmatigas na kaya kong mag-isa, kaso sobrang sakit na talaga. Kailangan ko munang lunukin ang pride ko. Inihagis

niya ang phone niya sa tiyan ko. I picked it up as he supported my back again with his right hand and started walking toward the bench where I left my things.

Tiningnan ko ang screen ng phone, nasa new message.

play a game 2 take ur mind away from d pain

Napatingin ako sa kanya and an involuntary smile escaped my lips. “Thanks.”

Now I’m smiling at him na parang normal na ultil sa akin na binubuhat ng kabaro ni Adan. This guy is confusing the hell out of me.

I glanced at him and saw him looking down at me. Tumango siya ng isang beses to acknowledge my gratitude. Kinuha niya ang mga gamit ko ’tapos nagderecho na siya ng paglalakad papuntang gate ng school. Ako naman naghalungkat ng laro sa phone niya.

Since napakaaga pa, walang nakakita sa amin na estudyante. Si Manong Guard lang ang nareon at tinulungan niya kaming pumara ng tricycle.

Instead na d’un kami sa loob ng trike sumakay, sa likuran ng driver siya pumuwesto. Umangkas siya

katulad ng upo ni Manong Driver habang karga pa rin ako. 'Tapos hinawakan niya iyong left leg ko para hindi magalaw sa biyahe.

Grabe!

What's with this guy?

Parang narinig niya iyong silent question ko dahil tumingin siya sa akin with one of his eyebrows raised. Nagtatanong.

I just shook my head in response before I returned my attention back to the game on his phone. Ano'ng itatanong ko sa kanya? Bakit ang sweet niya? Bakit ang lakas niyang mang-asar, mang-trip, pero napakagentleman naman? Di bale na lang. Hindi naman siya makakasagot dahil nasa akin iyong phone niya at naglalaro ako.

Okay na sana, enjoy na ako sa paglalaro kaso si Manong Driver naman panay ang bulong na, "Ang kabataan nga naman ngayon, napakapupusok! Kaaga-aga, eh, lampungan na kaagad... buntis siguro kaya pupunta ng ospital."

Sikuhin ko kaya 'tong si Manong? Assuming, eh!

Parang natunugan ni Irvine ang balak kong gawin dahil hinawakan niya ang kanang braso ko.

Hmp! Nambabasag ng trip! Ay, shootness! Muntik na akong matalo sa nilalaro ko! Naman! Kainis! Nakarating kami sa tapat ng emergency room with me trying to control my temper toward Manong Driver. Non-stop kasi ang bunganga, paulit-ulit pa ng sinasabi.

Unlimited? Nakaka-badtrip talaga!

I slid down to the ground on my right foot and hopped a little forward para makababa rin si Irvine.

BLAG

Lilinguin ko sana para tingnan kung ano iyong nag-cause ng ingay but Irvine picked me up, bridal style again, and walked toward the open door.

“Ano iyon?” tanong ko.

He just shrugged.

Hindi ko na siya nagawang kulitin kasi may sumigaw na.

“Mayumi Sabelle!”

Anak ng... Si Megaphone!

Napangiwi ako. Ang suwerte ko talaga! Bakit hindi pa umuuwi ang lukaret na ’to? I could feel Irvine’s chest shake with laughter. Pagtawanan na

naman ba ako! Inirapan ko siya bago hinarap ang Haponesa kong kaibigan.

“Mayumi! Bakit ’andito ka na naman?” tanong niya. “At ikaw din?” sabay turo kay Irvine.

Nasa harapan na namin siya pero hindi niya pa rin ibinababa ang volume ng bose niya. Dapat sa babaeng ’to naka-fix iyong vocal chords para hindi nakakabasag ng tainga. Or better yet, magpalit sila ng katayuan nitong si Irvine para wala na talagang bose na lalabas.

“Makikikain ng breakfast,” pilosopo kong sagot.

Kasing-bilis ng kidlat, itinaas niya ang kamay na may hawak na patient’s chart at inihampas sa binti ko. Dun sa may bali. Hindi ko na nagawang isigaw ang sakit dahil agad kinain ng dilim ang diwa ko.

5

The Start of Something

“Hija...”

Kasunod ng boses ay ang marahang pagyugyog sa balikat ko.

“Hija, bumangon ka na at kumain.”

“Mamaya na po,” I answered in a hoarse voice. Itinaas ko ang kumot at nagtalukbong. Nagpabiling-biling para maghanap ng magandang puwesto.

Argh! Ang sarap-sarap pang matulog, eh. Gusto ko pang ituloy iyong panaginip ko. Minsan na lang kasi akong magkaroon ng panaginip na hindi bangungot, inaabala pa ni Nanay. Marahas kong tinanggal ang kumot at pabargas na naupo.

“Nanay naman, eh!” reklamo ko habang sinusuklay ng kamay ang magulong buhok.

Pupungas-pungas pa ako nang tumingin sa kanya. Siya nga pala si Nanay Bethesda, Nanay Beth for short. She's been our governess ever since I can remember. She was only twenty-one when she started working for our family. Sobrang napamahal

na kaming magkakapatid sa kanya. Parang tunay na kapamilya ang turing niya sa amin.

She has her hair in a bun again on top of her head. Parang dumadami yata ang wrinkles at laugh lines ni Nanay, ah. 'Tsaka may naaaninag na ako na white hair. Pero kahit ganoon pa man, hindi ko maikakaila na maganda pa rin si Nanay. May hubog pa rin ang katawan. Ewan ko nga ba kung bakit hindi na siya nag-asawa eh ang dami niyang suitors. Isa na sa mga iyon si Tatay Ronald, iyong personal driver namin dati. Kahit ngayon nagpapadala pa rin si Tatay ng bouquet of flowers sa kanya. Kaso dedma lang si Nanay.

Inilapag niya ang tray ng pagkain sa mesita ko sa kuwarto, malapit sa bintana. Ako naman ay dahan-dahang umisod sa gilid ng kama para makatayo. Kinuha ni Nanay sa gilid ng mesa ang saklay at iniabot sa akin. Naka-cast kasi ang nabalian kong paa kaya kailangan ko ng saklay para makalakad. Parang kahapon lang, actually, kahapon lang pala talaga nangyari ang aksidente.

“Mayumi!”

Napaupo ako sa gulat na ikinasakit ng ulo ko.

Nabigla kasi sa pagbangon. Kainaman! Sino ba kasing luka-luka ang bigla na lang isinigaw ang pangalan ko eh hindi pa tuluyang nagigising ang diwa ko?

“Okay ka lang ba?” nag-aalalang tanong sa akin ni Mika. I should have known it would be her. At nagtanong pa ang luka, ha!

“Mukha ba akong okay?” sigaw ko.

“Lower your voice. This is a hospital, you know.”

Ako pa ang sinita! Sa kanya pa talaga nanggaling iyon, ha! “Speak for yourself.”

Teka! Hospital?

Humiga ulit ako saka tiningnan ang paligid. Nasa ospital nga ako. White walls and flooring, white curtains, white bed sheet at white blanket. Lahat na lang white! Ang sakit sa mata! Pati kasi si Mika nakurse uniform pa.

Bakit ba kasi ako nandito? ’Tapos naalala ko na nabalian nga pala ako, dinala ako ni Irvine dito at hinampas ng lukaret na babaeng ito ang paa ko. Napabalikwas ako ng bangon at tinanggal ang nakatakip na kumot sa mga paa ko.

Wah! Sinemento ang paa ko! Tinangka kong iangat ang kaliwang binti ko. Anak ng elepante!

Ambigat! Badtrip naman, o!

“Mayumi?” tawag-pansin sa akin ni Mika.

“Mika! Bakit sinemento ang paa ko?”

“Bali kasi, eh.”

Alam ko na ’yon, eh. Sabihin pa ba ang obvious!

“Bakit hindi na lang nilagyan ng splint?”

“Mas magandang i-cast ang paa mo kaysa sa splint. Masyado ka kasing malikot, hindi magse-set ’yang buto kung splint lang.”

“Bakit hindi fiberglass na lang ginamit?” Di hamak na mas magaan iyong kaysa sa plaster of Paris.

“Utos ni Fritz para magtanda ka daw na ingatan ang sarili,” paliwanag ni Mika with a smile on her face.

Ingudngod ko mukha nito, eh! Waaah! Naman! Ang sadista ng kuya ko!

“Hanggang kailan?” turo ko sa naka-cast na paa.

“More or less one month.”

Nanlaki ang mga mata ko sa sagot niya. More or less one month? One month akong magtitiis na nakasemento ang paa? Grounded na nga ako, nakadena pa iyong bike ko ’tapos ito pa? Sobrang parusa na ’to!

“Anak ng dinosaur! Take this off!” sigaw ko.

PLAK

Napakahilig manghampas ng babaeng ito.

“Huwag kang mag-inarte diyan, ha! Sige na, babu!” Matapos akong hampasin ng isa pang beses, nagtungo na siya sa pinto.

“Hoy! Saan ka pupunta?”

“Uwi na! Dadating na kasi ang kuya mo para sunduin ka at ayaw ko siyang makita! Sayonara!” Tuluyan na siyang lumabas ng kuwarto at pabalyang isinara ang pinto.

Naman!

Ayaw niya palang makita si Kuya, eh, bakit siya nagtitiyagang magtrabaho in the same hospital as him? Kapag nga naman in denial. Hmp!

Matapos maghilamos at magmumog, bumalik na ako sa kama at naupo nang nakasandal sa headboard. Ipinatong ni Nanay Beth ang tray ng pagkain sa kandungan ko. Nabusog ako nang sobra. Nabusog ako sa *arroz caldo* at sa sermon ni Nanay. Kesyo raw hindi ako marunong mag-ingat sa sarili at ang takaw

ko raw sa away, eh, kababae ko raw na tao. Mas malala pa raw ako kay Mike sa dami ng beses kong bumisita sa ER.

Lumipas ang isang oras na nakatunganga lang ako sa kawalan. Natigil lang ako nang tumunog ang cellphone ko. May unggoy na nag-text.

* +63929xxxxxxxx: *how's ur ankle?*

Hmm? Sino naman 'to? Wala akong pinagbibigyan ng number lately. Wala rin akong text buddies sa school. Clients, madami. Madami kasing tamad gumawa ng mga projects nila kaya sa akin ipinapagawa for a fee. Pero friends... wala akong friends sa school. Loner much? Not really. I just want to keep people at arm's length.

So ang laman lang ng contacts ko ay number nina Kuya Fritz, Mike, Mika, Tatay Ronald at ang landline number namin dito sa bahay. Malabo naman na si Kuya o si Mike ang nag-text dahil lahat kami ay naka-line at walang dahilan para maki-text sa iba, unless empty batt siguro.

*Me: *8s fine but hu r u?*

* +63929xxxxxxxx: *irvine*

Ah! Ang ugok na dahilan kung bakit ako nabalian!

At ang damuhong nagdala sa akin sa ospital at bigla na lang nawala na parang bula.

*Me: *kaw pala. Howd u get my no?*

*+63929xxxxxxxx: *no comment*

“Anong no comment? Anong klaseng sagot ’yun? Napakasimple lang ng tanong kong unggoy ka! Artistahin na kalabaw! Bahala ka sa buhay mo! Makatulog na nga lang ulit!” sigaw ko. Ibababa ko na sana ang phone nang magbago ang isip ko at nag-reply ako ulit sa message niya. Wala naman sigurong masama na makipag-text sa kanya. Pantanggal boredom din.

*Me: *ba’t nawala ka?*

*+63929xxxxxxxx : *I went out 2 buy sumthing. wen I got back u wer already discharged*

*Me: *sinundo ako ni Kuya. Anong bnili mo?*

Why did I even ask him that? Ano’ng paki ko? Walang maitanong?

*+63929xxxxxxxx: *ice cream*

My favorite! Naglaway tuloy ako bigla.

*Me: *bkt?*

Tch. Na-send ko kaagad bago ko pa napagnilayan iyong tanong ko. Tanungin ba naman kung bakit, malamang para kainin! Yumi, why so stupid?

* +63929xxxxxxxx: *Mika mentioned that u lyk 2 eat ice cream whenever u'r hurt*

Nangunot ang noo ko. Kahit kailan talaga napakadaldal ng babaeng iyon! Pero wait lang...

*Me: *U bought me ice cream?*

* +63929xxxxxxxx: ...

Napatawa ako sa reply niya. Puro dots lang. Shy?
Shorter version ng no comment?

*Me: *syang nmn. libre ice cream...*

* +63929xxxxxxxx: *yea, natunaw lng*

*Me: *bkt hndi mo n lng kinain?*

* +63929xxxxxxxx: *I don't eat sweets*

Wow! So bumili lang talaga siya para sa akin? It must be his way of apologizing.

*Me: *thnx anyway & u'r forgivn*

* +63929xxxxxxxx : *I wasn't asking 4 forgivnss*

Pahiya naman ako! Assuming, eh! Saan ko ba

nakuha ang ideya na mabait siya? Pabalya kong itinapon ang phone sa kama. Tumunog ulturong message alert tone. I picked up the phone and checked the message. Adik lang.

*+63929xxxxxxxx: *u mad ryt now?*

*Me: *BUTI ALAM MO!*

*+63929xxxxxxxx: *haha*

Aba't ang letsugas na kalabaw, kahit sa text pinagtawanan pa ako! This time napalakas ang hagis ko sa phone. Tumalbog iyon sa kama at nalaglag sa sahig. Wah! Ginapang ko ang kabilang side ng kama at pinulot iyon. Whew! Buti na lang walang damage. As I unlocked the screen, a message appeared.

*+63929xxxxxxxx: *hope ur fone is still intact*

Napaupo ako sa kama at parang eng-eng na nilingon ang paligid. Paano niya nalaman na inihagis ko ang phone ko?

Ano siya psychic?

May nagtext ulturong.

*+63929xxxxxxxx: *ders no nid to luk around, I just guessed*

Sa inis, itinurn-off ko ang phone at itinago sa

ilalim ng unan bago pumuwesto para matulog. Why did my morning turn out like this? Naupo ulit ako at inangat ang landline phone.

“Nay? Gusto ko po ng ice cream.”

Bagot na bagot na ako!

For the past two days, nakakulong lang ako sa kuwarto. Nami-miss ko na ang school, ang bike ko, ang freedom ko!

Takte! Ang OA ko!

Ikaw ba naman ang walang ginawa kundi magbasa ng stories sa *Wattpad*. Kapag nanakit na ang mata, tutulog ’tapos manonood ng cable na paulit-ulit lang ang shows na ipinapalabas at kapag sawa na, balik sa pagbabasa sa *Wattpad*. Sunday pa ngayon kaya sobrang nakakatamad kumilos!

Tuwing oras lang ng kainan ako nadadalaw ni Nanay Beth kasi inaasikaso niya rin si Rap. Ayaw niya kasing pumayag na kumuha kami ng bagong governess para sa bata. Kaya pa naman daw niya.

How I wish na ganoon din kalakas ang parental sense ng parents namin. Kaso parang mas importante pa ang trabaho nila kaysa sa mga anak nila. They

barely check up on us. Uso naman ang e-mail at Facebook but they can't seem to spare a few minutes of their time para kumustahin kami.

I know that they're doing their jobs for us three to have a comfortable life at importante ang trabaho nila. Parehong doktor ang mga magulang namin at kung saan-saang dako ng mundo sila nakakarating para manggamot. Pero not once in twelve years sila nakauwi rito sa Pinas para bisitahin kami. Ganoon ba sila ka-busy?

Ang hinihingi ko lang naman ay kahit isang e-mail sa loob ng isang buwan mula sa kanila. Kahit iyong word na 'kumusta' lang ang laman. Kaso wala. Kung hindi dahil sa mga pictures sa bahay, makakalimutan ko na kung ano ang hitsura nila.

Kakairita!

Teka bakit ba napapunta sa kanila ang issue? Bored na bored na yata ako at kung saan-saan na nakarating ang istorya. I grabbed my phone and inched my way to the veranda para makapagpahangin. I stayed near the door. Afraid of heights, remember?

Pampalipas-oras, kinunan ko ang scenery gamit ang paper camera application ng phone ko 'tapos in-edit ito at pinagdo-drawing-an ng kung ano-ano. Sabi

nila magaling daw akong mag-drawing. Sabi nila.

Hays, bored na bored na 'ko!

Tumunog ang phone na hawak ko at sa sobrang gitla, muntik ko nang maihagis iyon. Sinong anak ni Hudas ang nagtext?

*Psycho: *stil alive?*

Curious kayo kung sino siya? Siya lang naman ang dahilan kung bakit may cast ang paa ko at kailangan kong gumamit ng saklay! Sino pa ba? Di iyong anak ni Satanas na si Irvine! And just to be clear, sinave ko lang iyong number niya para hindi ako magtanong lagi ng 'hu u?'

*Me: *ungas k! muntk q ng maitapon fone q!*

Wala pang 30 seconds may reply na agad.

*Psycho: *y?*

*Me: *lechugas k kc! Bgla-bgla k n lng ngtxt!*

*Psycho: *haha. Im guessing dat u'r olredi bored out of ur mind*

Nang-asar pa ang mokong!

*Me: *tawa k png unggoy k! dis s ur fault!*

*Psycho: ...

Aba! Sumingga na naman ng puro dots lang ang reply!

*Me: *tuldukan q yng mukha mo eh! Bkt yn lng reply mo?*

*Psycho: *haha*

*Me: *linta k!*

*Psycho: *u'r cussing weirdly dis tym*

Anong weird? Weird na naman? Ako?

“Psychotic ka!” sigaw ko sa phone!

“O, sino naman ’yang kaaway mo?” tanong ng pamilyar na megaphone sa likuran ko. Si Mika.

Naman po, Lord! I’m bored pero hindi po ganito ka-bore na kailangan ko ng dalawang asungot!

“Wala!” pasigaw kong sagot, sabay pasok sa loob ng kuwarto at pabalandrang nahiga sa kama, pinabayaan ko na lang mahulog sa sahig iyong saklay.

“Wala, eh, kung makasigaw ka? Ayieee! Si Irvine na naman ba ’yan?”

“Urusai!” (Shut up!)

“Itai!” (Ouch!) Napatingin ako ng masama sa kanya at sa pocketbook na inihagis niya sa ulo ko.

Pero nawala iyong asar ko nang makita ang cover. Nice! Iyong latest book ng favorite author ko. Ang tagal ko na kasing nire-request 'to sa *National Book Store* kaso wala pa raw supply.

“Wow! Saan mo ’to nabili, Mika?” Tinatanggal ko na ang plastic na nakabalot sa libro. Parang adik na inamoy ang mga pages. Gusto ko kasi iyong amoy ng bagong libro, parang adik lang talaga.

“Dinayo ko pa ’yan sa Alabang kaya mag-thank you ka man lang!”

“*Arigatou.*” Medyo nilambingan ko iyong boses ko na ikinangiti niya.

“*Dō itashimashite.*” (You’re welcome.) “So... si Irvine nga ba iyong ka-text mo kanina?”

“Psh!” Tanggal ang good vibes ko. Gumanda na nga iyong mood ko sinira na naman!

“Hoy! Huwag ka ngang pa-psh-psh d’yan! Patingin ng phone dali!”

“Usisera much?”

“Tatamaan ka ulit sa ’kin! Patingin naaa!”

Argh! My poor ears! “Pwedeng ’wag sumigaw!”

“Ikaw itong nakasigaw, eh.”

Walang-imik na iniabot ko sa kanya ang phone ko para lang matahimik siya. Bakit kasi naikwentokuwento ko pa pa n'ung isang araw na nag-text sa akin iyong damuhong iyon? Heto tuloy, ayaw akong tantanan!

“Ayieeee!”

Ay anak ng malanding kalabaw! Ang sakit sa tainga talaga ng boses nitong Haponesang hilaw na 'to!

“Ano’ng isinisigaw-sigaw mo diyan?”

“Eh, kasi... nakakakilig. Read ko sa ’yo.”

“Kahit ’wag—” Naputol ang sinasabi ko kasi pinaltok niya ako ng unan sa mukha. Kainis na talaga, ha!

“Yesterday, 6:09am, he texted: Morning, sleepyhead. You replied: ungas ka! Aga mong manggising! He then texted back with: kain na. Your reply was: ipapaputol ko ’yang kamay mo at isasahog sa nilaga. And his reply was: you’re craving for me that much?. Your last reply was: ASANESS! And he texted back with a laughing smiley... Ayiee!”

“Ano’ng nakakakilig d’un, ha? Craving, his face! Kapal ng mukha ng mokong na ’yun!” Sa asar,

inihagis ko sa kanya iyong unan na ibinato niya sa akin.

“It’s nakakakilig kasi may ka-text ka na ngayon na boylet.”

“Urusai!” May pa-boylet-boylet pang nalalaman. Feeling ko tuloy ako si Madam Auring!

“I don’t want to!”

“Go away!”

Iyong phone ko naman ang inihagis niya sa tiyan ko.

Sisigawan ko na naman sana siya kaso pagtingala ko, namumuo na ang luha sa mga mata niya ’tapos her lips are quivering from holding back the tears. “Sama mo! Matapos kang dalhan ng gusto mong book! Hmp!” Pagkasabi niyon, lumabas ng kuwarto ko ang lukaret!

Napaupo ako sa kama, nakaramdam ng guilt. “Hey, don’t be mad. Sorry na. Hoy...” pahabol ko.

Kaso dinedma ako, ibinalibag pa iyong pinto ng kuwarto ko! Alangan namang habulin ko siya, eh, hindi nga ako makalakad nang ayos. Dali-dali kong ini-unlock iyong phone ko and went to search for her name in my contacts kaso saktong may nag-text.

*Mika: *BAKA! I'm not mad! That ws acting! Galing ko db? Psok n q s work.muah*

BAKA? She called me an idiot!

Naman! Lakas ng trip, ah! Tinawagan ko nga. Sinagot niya agad. “Luka ka! Madapa ka sana!” Tinapos ko na kaagad ang call at natulog.

I woke up an hour later na tamad na tamad. Turning on the TV, nag-channel surf ako, kaso walang magandang palabas. I picked up the book Mika gave to me and started reading it, kaso nasa Chapter Two pa lang ako, nakatulog na naman ako.

Another two hours later, nagising ako sa tunog ng cellphone ko.

*Psycho: *ei, sleepyhead*

Paano nalaman nito na tulog na naman ako? O trip lang talaga mambuwiset?

*Me: *wat, psycho?*

*Psycho: *tch. Y do u keep calling me psycho?*

*Me: *y do you keep calling me sleepyhead?*

*Psycho: *bcoz u are one. so y psycho?*

*Me: *coz u are one?*

*Psycho: ...tch.

Natawa ako nang malakas. Nai-imagine ko kasi ang expression niya while he's typing the dots at nang mag-tch siya. At dahil napatawa ako, nawala na iyong antok ko. So we ended up exchanging text messages and insults, the latter mostly from me. Nakakainit kasi ng ulo kadalasan ang mga replies niya. Tulad nang nagtanong siya kung ano ang nilalaro ko sa *Facebook*. Sagot ko, '*Pet Society*'.

Ipina-describe pa sa akin ng mokong kung ano iyon 'tapos ang reply niya 'boring' daw!

*Me: *boring?! eh, ano nmn ngaun ha?*

*Psycho: *glit k n nian?*

*Me: *hindi! natutuwa nga ako! s sobrang 2wa, gus2 kong makurot yng pisngi mo hnggang matnggal ang balat!*

*Psycho: *haha. Sadist*

"Ewan ko sa 'yo!" hiyaw ko sa handset na hawak ko.

Later that night, I found myself na nagsusumbong sa kanya.

npgalitan n nmn aq ni kuya

Wala naman kasi akong maiti-text, eh. Si Mika kasi naka-duty 'tapos wala akong ibang friend. Poor me. Kaya pinagtyatyagaan ko na lang ang psychotic na 'to. Hehe. Ang bad ko.

Ang totoo, natutuwa rin naman akong ka-text siya kahit na parang taga-ibang planeta lagi ang reply niya at lagi na lang ako nabubuwiset sa huli.

*Psycho: *y?*

*Me: *sumabay aq s knila s baba kumain*

*Psycho: *u took d stairs?*

*Me: *mlamang! pano q mkkbaba, aber?*

*Psycho: *tma lng pagalitan k*

Aba! At kumampi ang mokong sa kuya ko. Ganoon ba talaga dapat? Hindi ba pwede na ako ang kampihan? Ako ang ka-text, eh!

*Me: *kumampi k p!*

*Psycho: *ur stubborn*

*Me: *mka2log n nga lng*

*Psycho: *dream of me?*

*Me: *e d binangunot akong unggoy k!*

*Psycho: *haha*

“Psychotic ka talaga!” sigaw ko na naman sa cellphone.

Napatingin ako nang masama sa pinto ng kuwarto ko nang may kumatok. Lalo na nang buksan iyong ng nasa kabilang side kahit wala pa akong sinasabi. Sumungaw ang ulo ni Michael.

“Hey, Sissy...”

“What?”

He stepped back at my harsh tone. Kumunot bahagya ang noo niya. “What’s gotten you upset so much? Kahapon ka pa daw bigla na lang sumisigaw sabi ni Nanay Beth.”

“None of your business! Tutulog na ’ko! ’Night!”

Without waiting for his reply, umayos na ako ng higa sa kama at nagtalukbong ng comforter.

He muttered something like ‘she’s going crazy’ bago ko narinig ang click ng pagsasara ng pinto.

Ah, ewan! Kapag kasing ’yan si Irvine ang ka-text mo, masisiraan ka talaga ng ulo! Nakatulog ako na sapo-sapo ang ulo ko.

I was dreaming that I was eating ice cream,

Double Dutch and Rocky Road, when the beeping of my cellphone woke me up. Sinong Hudas Eskaryoteng Barabas ang nag-text sa gitna ng kasarapan ng panaginip ko?

*Psycho: *i cn't sleep*

Ang unggoy! Hindi makatulog? Eh, bakit nandadamay siya? Minsan lang ako magkaroon ng magandang panaginip, inabala niya pa!

*Me: *den let me sleep, u psychotic retard*

*Psycho: *can u cook?*

Ano? Ginising niya ako para itanong 'yan? Bigla tuloy nawala iyong antok ko at napalitan ng inis. Na naman.

*Me: *wat's with dat question?*

*Psycho: *just answer it*

*Me: *i can. so wat?*

*Psycho: *r they always edible? d food u cook?*

Aba! Nang-iinsulto ba ang unggoy na 'to?

*Me: *oo nmn! pero para sau maglalagay ako ng lason!*

*Psycho: *u'l cook 4 me?*

*Me: *oo, para lasunin k!*

*Psycho: *haha now i really cn't sleep*

Nandamay pa talaga! Nawala na rin ang kagustuhan kong matulog. Nauwi tuloy kami sa question and answer. Kung ano lang ang maisip na itanong sa isa't isa. Parang twenty questions kaso inabot yata ng lampas cincuenta ang mga naitanong namin. Sumikat na nga si Mr. Sun, eh, magka-text pa rin kami.

May mga times na para akong timang na bigla na lang mapapatawa pero mas marami iyong times na iniimbyerna ako ng kolokoy sa mga sagot niya. Ako namang si tanga—hindi, bored lang ako, bored!—hindi tanga, eh panay ang reply at sagot din sa mga out of this planet niyang tanong.

The following days, kapag hindi kami magka-text, magka-chat naman. At pag napagtripan, magka-Skype. Pag naubusan kami ng topic, soundtrip na lang. Magpapatugtog na lang kami ng gusto naming songs 'tapos ida-dissect namin iyong meaning ng lyrics. Parang mga baliw lang. At kapag kinakailangan, tinutulungan niya ako sa mga homework na ipinapadala sa akin ng mga prof ko. Ahead si Irvine sa akin ng isang taon.

Due to that, my boredom eased. Iyong one month, na feeling ko dati is parang isang taon ang lilipas dahil makukulong lang ako sa kuwarto at bahay, went by so quickly. All thanks to that psychotic guy.

6

I'll Be Your Champion

“My leg feels weird!” I exclaimed after the cast was removed by Mika. Ang gaan ng feeling. Nakaka-invigorate. Parang gusto ko tuloy magtatalon sa tuwa and that’s what I did. Bukod kasi sa natanggal iyong cast sa paa ko, lifted na rin iyong pagiging grounded ko. Which means, magagamit ko na ulit ang bike ko! Yes!

Sa wakas... freedom!

I gunned my engine and sped off to *Robertson University*. Sa faculty room ako dumerecho pagkababa para kunin ang mga make-up tests ko sa lahat ng professors. Inabot iyon nang buong umaga. Grabe! Halos maduling na ako n’ung sa Calculus na ang test paper na hawak ko.

Paglabas na paglabas ko ng room, inilabas ko na rin ang phone at itinext si Kuya Fritz, text lang kasi baka makaistorbo. Update ko lang siya na tapos na ang mga tests ko at bukas na ako babalik for the regular classes. Wala pang one minute may reply na agad.

*K.Fritz: *k*

Sunod kong itinext si Mika para magreklamo na namamaga ang kanang kamay ko dahil sa dami ng tanong. Ang sagot lang sa akin, eh:

*Mika: *lubog mo sa ice*

Ang ganda! Ang ganda niyang ibitin nang patiwarik. Kainis! Pero speaking of ice, tinext ko si Irvine. May usapan kasi kami na ililibre niya ako ng ice cream.

ei, im done with d tests

After five minutes, wala pa ring reply. Which is weird, kasi he always replies immediately. Baka naman tulog, pero siya na rin ang may sabi na hindi siya nakakatulog kapag may araw pa. Ewan ko, pero nakaramdam ako ng konting kaba. Hindi kaya napaaway na naman iyong mokong na iyon?

ei wer r u?

Wala pa ring reply, thirty minutes na wala pa rin. Wala naman siyang klase ngayon, pero bakit hindi siya nagre-reply? With my heart thumping so loudly in my chest, I rushed to my bike and drove it out of the campus. Bahagya ko lang nadinig iyong sigaw ng guard sa gate dahil sa bilis ng pagpapatakbo ko.

Tinahak ko ang daan papunta sa nabanggit niya, in one of our conversations, na pad niya, regalo ng parents niya when he turned 18. Sosyal ng mokong. Within five minutes, nand'un na ako sa tapat ng pad niya. White na bungalow house. Bumukas ang pinto at iniluwa si Irvine na may kasunod na tatlong binata at isang babae na nakadamat panlalaki.

Sasabihin ko na sanang okay lang pala siya nang itaas n'ung lalaki sa likod ni Irvine ang kamay niya na may hawak na baseball bat. Without thinking, I jumped off my bike and rushed toward them. I kicked the guy on Irvine's left sa tagiliran and when he went down, I stepped on his shoulders and used Irvine's shoulder as a leverage, then sinipa ko sa ulo iyong guy na may hawak ng baseball bat, nabitawan niya iyong bat na kaagad kong pinulot. 'Tapos inihampas ko iyon sa calf n'ung natitirang lalaki na nakatayo. Mukhang harmless iyong girl kaya hindi ko na ginalaw.

“Hindi n’yo ba alam na karuwagan ang hampasin sa likod ang isang tao!” pagalit kong sabi sa kanila habang anti-unting tinutulak si Irvine para lumakad palayo.

“What are you saying, bitch? And who the f*ck are you anyway?” tanong n’ung guy na may hawak kanina sa baseball bat. He obviously has American

blood in him with his blue eyes and bleach blonde hair. He's handsome in a gangster-next-door kind of way. He's tough, too. Normal guys would have fainted from that kick.

"None of your freaking business! But my business is with him," sabi ko sabay turo kay Irvine na nasa likuran ko. "So don't you dare lay a finger on him or you'll answer to me!"

Nanlaki ang mga mata nilang apat habang pabalik-balik ang tingin sa aming dalawa ni Irvine. Iimik pa sana ulit si 'Blondie' kaso idinuro ko sa kanya iyong baseball bat.

"Leave! If you don't want me to bash your face with this!"

Sandali silang natigilan, tumingin muna kay Irvine, before they moved and walked away. Kaso iyong gangster-next-door na guy ay lumingon pa. "Talk to you later, man."

"Aba! Babalik ka pa talaga..." Hahabulin ko pa sana siya para turuan ng leksyon, kaso may pumigil na kamay sa balikat ko. "Bitawan mo 'ko! Tatamaan sa akin ng isa iyong hunghang na iyon."

Napatigil ako sa pagsasalita when he forced me to turn around and face him, his phone in hand.

u'r such a warfreak

“Anong warfreak! Ikaw na nga itong iniligtas lakas mo pang manlait!”

but it's true

“Ipinagdidiinan mo pa? ’Tsaka bakit hindi ka pa din nakakaimik, ha?” Nabahiran ng concern ang boses ko. “Punta na kaya tayo sa ospital para mapatingnan ’yan?”

how's d ankle?

“Huh? Okay lang. Tinanggal na nga iyong cast, o.”

He typed something in his phone again, this time with a frown on his face. Before he showed me the screen, he lightly tapped the phone on my forehead.

@ naghnap k n agd ng away?

“Hindi ako naghahanap, ’no! Ikaw na nga ’tong... Agh, never mind! Bahala ka na nga diyan! Pababalikin ko na nga lang sila dito at pababayaan silang bugbugin ka!”

Magwa-walkout na sana ako. He stopped my movement by putting his hand on my shoulder, then he pulled me to his body in an embrace. Akala

ko maninigas na naman ang katawan ko, like it usually does when a guy hugs me, pero hindi. Parang nanlambot ako at nawala lahat ng energy sa katawan ko. Nabitiwan ko tuloy ang hawak na baseball bat. I almost forgot his Valium-inducing hands. Kaso hindi lang pala hands niya ang may Valium, buong katawan niya yata.

I lost track of time in his arms. And when he let me go, parang ayoko pa. What the hell is wrong with me?

how'd u end up hir anyway?

“Hindi ka po kasi nag-reply sa akin, kinabahan tuloy ako na baka napaaway ka na naman. Buti na lang...”

u'r so impulsive

“Pwedeng magpasalamat ka na lang at ’wag nang manlait? Kanina ka pa, eh!” singhal ko.

thnk u

“You’re welcome. So tara na?” Ang bilis talaga magbago ng mood ko kapag ang mokong na ’to ang kausap ko.

wer?

Naningkit ang mga mata ko. “Naman! Nakalimutan mo na? Sabi mo iti-treat mo ako ng ice cream sa first day ng freedom ko?”

Napangiti siya at muntik nang mabulag ang mga mata ko sa sobrang laki ng transformation ng pagmumukha niya. Lagi ko naman siyang nakikitang ngumingiti sa video chat but not this way. Iba pala ang effect sa personal. The last time I saw him smile up close and personal like this was a month ago kaya nanibago talaga ako.

i havnt 4gotten

“Weh? Di nga? Then let’s go bago pa magbago isip mo.” I grabbed his hand and led him to my bike.

no helmet?

Oo nga pala! Naiwan ko sa ibabaw ng locker iyong helmet ko at helmet na ginamit ni Mika kanina. Kaya pala wagas na sa pagkakasigaw kanina iyong guard.

“Ahehe. I left it in a hurry.”

He clenched his teeth.

let’s just use my car

“No way! We’re using my bike! Na-miss ko kaya

'to. It's also her first day of freedom!"

fine pag nhuli tau ng lto

"They won't be able to catch up!" confident kong sagot.

fu say so

"Mang-aasar ka na naman, ha? Sasakay ka ba o hindi?" Nagsisimula na namang mag-init ang ulo ko.

He grabbed my waist with both hands, picked me up like I weighed nothing and dumped me on top of my bike. He picked up the baseball bat and threw it over the gate. Then sumakay na rin siya sa likuran ko. Hindi ako kaagad nakakilos at pinanood na lang siya. This is the second time na binuhat niya ako nang walang pasabi at umatake na naman ang pagiging acrophobic ko.

Kailangan niya pa akong tapikin sa balikat para matauhan.

"Sa susunod kasi huwag kang bigla-biglang nambubuhat na damuho ka!" reklamo ko habang binubuhay ang makina ng bike. I turned to look at him when a thought struck me. "And in case something like earlier happens, kapag pinagtutulungan ka... can you call me?"

Tumaas ang isang kilay niya. Ambuset talaga ang taas!

“I’ll be your champion so that you won’t be bullied again!”

He’s precious to me and I want to protect him. After such a long time, I was brave enough again to get close to another person and I don’t want to lose him even though he’s such a huge threat to my sanity.

The Gangster Next Door

“Who the f*ck is that bitch?” I grumbled, frustrated like hell, as I massaged the side of my head that that f*cking bitch kicked.

What the hell is her problem?

The others inside the car just shrugged when I turned to look at them from the passenger seat, clueless also as to what happened.

“She f*cking kicks like a horse!”

“True!” Tres spoke up. He’s the first to get kicked by the bitch.

I noticed that he’s rubbing his left leg unconsciously.

“She’s cool!” Aira exclaimed beside Tres.

“In what f*cking way?” I growled.

Tres looked up from the book that he was reading with a frown on his geeky face. “Edge! Don’t cuss at my sister!” he reprimanded.

Tch! His sister is not even a lady. How can I consider her a lady when she dresses up like a boy and acts like a man.

“I’m okay with it,” Aira butted in.

“See, she’s okay with—”

“I’m not okay with it!” Tres roared as he closed the book with a thud.

“Tch! So what’s effin cool about her?” My question dripped with sarcasm.

Tres shook his head as he opened his book.

Then his stupid sister leaned forward from her seat and shouted at my face. “She whipped your asses in seconds!” She laughed liked a crazed hyena. Irritating! Out of us four guys in the car, it seems that I’m the only one affected by her words.

My eyebrows automatically met in the middle like it always does when I’m annoyed. “She caught

me by surprise, brat!"

"Nagdadahilan ka pa!" she answered back. She's well aware that I don't understand the language. I'm a full-blooded American and though I've been here in the Philippines for almost four years now, I haven't had the chance to learn the language yet. I don't take subjects or courses that are in Filipino. Nothing personal. It makes my head hurt when people speak in Tagalog.

"English!" I snarled.

She squinted her eyes at me. "Nasa Pilipinas ka kaya mag-Tagalog ka!"

"What?"

"Wala nang ultan!" Then she blew a raspberry at me.

Damn brat!

She'd better thank the gods that she believes in, because if not for the fact that she's Tres's little sister, I would have grabbed her head and kissed her senseless to teach her a lesson and make her aware... of the fact that she's still a girl, powerless against me.

The tension between us was broken when Yoh, the youngest of us guys, asked, "Why are we stalking

them?”

I forgot to mention that he’s also the dumbest! “Because something weird is going on!” I retorted, the same time Tres said: “Because he couldn’t contain his curiosity.”

I gave him a glare but remained silent. He’ll just say something smart again. Moronic asshole! But who wouldn’t be curious?

I’m sure even that prick Tres is also curious about that girl’s relationship with IV. As far as I know, and I’ve known that guy for a f*cking long time now, he’s allergic to the opposite sex, may they be blood relations or not. He can’t stand being close to a girl, much less share a gallon of ice cream with any female—contrary to what he’s doing right now!

He doesn’t even f*cking like sweets for heaven’s sake!

I couldn’t help recalling what happened in front of the dude’s house. We were just able to flush him out of his hellhole when she appeared and beat us up. She even had the guts to threaten me!

But what shocked me the most was the look on that goddamn asshole’s face! He was able to f*cking smile at her. I’m not making a big deal of it. It is a

big deal!

Ever since I've known him, I never once saw him smile! Smirk, yes, but I never saw him smile like that. That was the first time. Then he f*cking hugged her and my eyeballs almost dropped out of their sockets. So why wouldn't I be f*cking curious about her relationship with him?

My internal ranting was interrupted when the car's driver, Mike, muttered something. "What is she doing with him?"

Mike's POV

I impatiently tapped my fingers on the steering wheel habang nakatanaw kay Yumi na tuwang-tuwang kumakain ng ice cream kasalo si IV.

"What is she doing with him?" Hindi ko napigilang itanong nang malakas.

Ramdam kong napatingin sa akin ang lahat sa loob ng kotse pero hindi ko sila pinansin. I'm so disturbed by the scene before me. Plus the fact that she seems so comfortable with him, with a guy! Kelan pa sila magkakilala?

"Dude, do you know her?" tanong sa akin ni

Edge.

Gusto ko sanang sigawan ang gago na, ‘Of course, kapatid ko ’yan, eh!’ but I stopped myself. Hindi kasi nila alam na may kapatid akong babae. Itinago ko talaga sa kanila for personal reasons. Hindi lang ako ang nag-decide na itago ang fact na iyon. Pasimuno si Kuya at kakuntsaba niya ang admin ng school. Saka ko na ipapaliwanag kung bakit.

The scene before us really disturbs the hell out of me. But not just this scene, pati na rin iyong kanina.

“I’ll get the car,” anunsiyo ko as I walk toward the door.

“Be quick,” utos ni Edge.

Dalian ko kaya buhay niya? Kung makapag-utos, ah! Iiling-ililing na lang akong lumabas ng bahay at nagtungo sa pinagparadahan ko ng kotse. Napalayo ako ng park kasi may nakaharang na tatlong kotse sa tapat ng bahay kanina ni IV, kaya umikot pa ako at naghahap ng space, which is a block away.

Damn. Parang oven sa init ang loob ng kotse. Binuhay ko ang makina at binuksan ang aircon ’tapos lumabas ulit at isinara ang pinto para lumamig sa loob.

Mas kaya ko pang tiisin ang init dito sa labas kaysa sa init sa loob ng kotse. Nakaka-suffocate kasi. Nagpalipas ako ng five minutes bago pumasok ulit sa loob. Okay na. Pinaandar ko na ang sasakyang at bago pa ako makalayo, nakasalubong ko sina Edge. Kaso parang kulang sila tsaka balot na naman ng black aura si Edge.

Itinigil ko ang kotse at hinintay silang makapasok lahat. Pagkasarang-pagkasara ng pinto ni Edge, bumaling siya agad sa akin. “You’re so slow, man!”

Aba! Nang-aaway na naman ang kulugong ’to.

“Don’t mind him, natadyakan lang ’yan ng isang misteryosang babae,” sabat ni Aira.

“Huh?”

“I suggest na bumalik tayo sa bahay ni IV, baka and’un pa sila,” sabi ni Tres.

Okay. Pinaandar ko na ulit ang kotse at halos maibangga ko na sa nakita ko. IV is hugging a girl! WTF? Anong milagro ito? Napatingin ako sa mga tao sa loob ng kotse and saw the same expression on their faces. The guys, excluding Edge, then filled me in sa mga nangyari kanina sa kanila.

Wow! A girl was able to make Edge drop his precious bat? When I turned to look at IV and the girl,

magkayakap pa rin sila. Sobra naman sa PDA! Sa wakas, binitiwan na rin ni IV iyong girl. Then nag-usap sila, 'tapos bigla na lang ngumiti si IV.

*“What the f*ck?” sigaw ni Edge sa tabi ko.*

Mukhang kahit siya nagulat katulad namin. I’m sure na first time din ng iba, tulad ko, na makita iyang lalaking ’yan na ngumiti. Si Edge kasi kababata ni IV sa States. Sina Tres at Yoh naman daw ay family friends, magkakakilala na sila simula pa nang mga bata sila kaso nitong college na lang nagkasama nang matagal dahil sa States lumaki si IV. Ako naman ay last year lang napasama sa grupo.

At sa mga araw na nakakasama namin iyang si IV, this is the first time na nakita namin na ngumiti siya. Lagi lang kasing nakaismid ang gago. ’Tapos heto at marunong palang ngumiti ang tarantado!

Then the girl grabbed his hand and led him to a bike. Shit! I know that bike! Tiningnan ko iyong plate number. Double shit! I have no doubt na bike ni Yumi iyon! Bakit hindi ko kaagad napansin na siya iyon? Iyong buhok pa lang malaking giveaway na. Isinakay ni IV si Yumi sa bike. At wagas na naman ang pagkakamura ni Edge sa tabi ko nang ihagis ni IV iyong bat niya sa bakod. Ang arte, eh, kung maipanghambalos niya nga iyon...

“Follow them, man,” utos na naman ni Edge.

Kahit hindi niya sabihin, susundan ko talaga sila!

Kaya heto kami ngayon. Nasa tapat ng 7-Eleven at parang mga stalker na pinapanood sila. I want to get out of the car and confront them. But there are much more pressing matters na kailangan naming ayusin. Sa bahay ko na lang siya, si Yumi, kakausapin. And he, I'll deal with him another time. Ack! Nakakasakit ng ulo!

“We need to go, it's almost time,” I stated.

Tumango na lang si Edge kahit halatang ayaw niya pang umalis. I glanced at the rearview mirror and Tres gave me a nod as well. Pinaandar ko na ang kotse and focused my mind on the task ahead of us. There had better be a good explanation as to why the two of them know each other at kung bakit nagagawa niyang mayakap si Yumi without her flipping out.

Later.

Unknown Girl’s POV

Makikita ko na naman siya—my elusive, cold

prince! Sana sumipot siya this time. Kailangan ko palang bumili ng paborito niyang soda. Baka this time tanggapin na niya. Sabi nga ni Kuya, nadadaan lahat sa determination. I just need to show him my resolve that I'm not going to give up on making him fall for me. Kahit pa lagi niya akong itinataboy.

I'll definitely make him fall in love with me!

Ever since I was born, whatever I want, I get! And the one I want the most is him: Irvine Vincent Roberts.

“Louie!” tawag ko sa dakila kong alalay na nagda-drive ngayon ng car ko. Matanda lang siya sa akin ng isang year, schoolmate/bodyguard/utusan.

“Bakit, Miss Vanessa?”

“Daan tayo sa *7-Eleven*, may bibilhin ako.”

After 5 minutes, pumarada na siya sa tapat mismo ng convenience store. ’Tapos bumaba siya at ipinagbukas ako ng pinto. Papasok na sana ako nang may mahagip ang mga mata ko. What the fudge?

Ang aking prinsipe?

OMG! He’s smiling. Mas lalo siyang gumuwapo!

Teka! Sino iyong kasama niyang babae? Sino iyong hampaslupang nginingitian niya? I’m sure na

hindi siya relative. I've done my research on him and wala siyang kasundo na pinsang babae. Napaka-plain ng babaeng 'yan para matawag ang atensyon ni IV.

Nawala ang tuwa ko sa pagkakakita sa kanya at napalitan ito ng galit. I stomped my way back to the car. Nagmamadaling inunahan ako ni Louie para pagbuksan ng pinto. Pagkasakay na pagkasakay, inihagis ko ang hawak na purse sa sahig ng kotse.

“Louie!”

“Yes, Miss?” Nakatayo pa rin siya sa tabi ng pinto.

“I want to know who that girl is!” sabi ko sabay turo sa babaeng na kasama ni IV. “I want to know everything about her!”

“Okay.”

Isinara na niya ang pinto at dinukot niya sa bulsa ang phone tapos pinicture-an ang babaeng tinutukoy ko. Once I have the information I need about her, she'll regret getting too close to IV. He's going to be mine and I won't allow anyone to come between us!

7

Surprise! The Secret Is Out

Mike's POV

Ahh! I'm hurting all over!

Nagiging masyado nang mahigpit sa practice si Coach. Pati ba naman ako na Captain ay idinamay pa sa parusa ng pagiging late sa practice ng dalawa naming bagong member. All for one, one for all... my ass!

Kahit nagegets ko iyong point niya na he needs to show the new members the consequences of their action, pamatay iyong parusa. 50 laps 'tapos 200 pushups at hindi pa siya nasiyahan, pinaglaro kami kaagad ng isang match nang wala pang pahinga!

Badtrip!

Dahil d'un, hindi natuloy ang date ko. Dating muse pa man din iyon ng Criminology Department. Hay. Sayang ang pagkakataon.

Nagmamadali akong umakyat ng hagdan at nagtungo sa kuwarto ko, but halfway through the dimly lit hallway, I stopped. Actually, I heard

something that made me stop: the sound of laughter from the room to my right. Room ni Yumi!

What the hell?

Namamaligo ba ako? Kelan pa uli natutong tumawa iyon? Humakbang ako papunta sa pinto niya at dahan-dahan itong binuksan. Bumungad sa akin ay si Yumi na nakaupo sa harap ng study table niya at may kausap sa laptop. Hindi na ako magtatanong kung sino iyon. Alam na! Him again!

Hindi ko pa rin siya natatanong simula nang makita namin sila sa *7-Eleven*. I was too exhausted yesterday para mangulit sa kanya. And I haven't told Kuya about Sissy's new found friend yet. Balak ko kasing kausapin muna si Yumi, baka mapakiusapan nang maayos na layuan si IV. Kapag hindi pumayag, saka ko sasabihin kay Kuya. He's not good for her!

Pumunta muna ako sa kuwarto para mag-shower at magpalit ng damit pantulog. Plain white shirt and blue pajama bottoms. Not my usual sleeping attire, pero kailangang isuot kung dadayo ako sa kuwarto ni Yumi. Even though she's my sister, I can't go inside her room wearing only my boxer shorts. She'd kill me for sure. If not her, Kuya would do the job.

Matapos mapreskuhan, bumalik na ako sa

kuwarto ni Sissy para sumugod sa giyera. Siguro naman tapos na siyang makipag-chat sa mokong na iyon.

Yumi's POV

I was about to go to bed when the door opened at iniluwa si Mike and he has this '*I'm serious*' aura around him. What now? I have a hunch na hindi ko magugustuhan ang pag-uusap na mangayayari.

"Don't you know how to knock?" asar kong tanong. Tutulog na, may mambubuset pa. 'Tapos heto ayaw pang umimik agad. "Ano na? Tatayo ka na lang ba diyan?" asik ko. Napapalitan na ng inis ang antok na nadarama ko kanina.

"Layuan mo siya!"

"Huh?" Ano'ng pinagsasabi nito? Mas lalong nag-init ang ulo ko.

"Sabi ko layuan mo siya. He's not good for you!"

"Sino?" tanong ko kahit may hinagap na ako kung sino ang tinutukoy niya. Paano niya kaya nalaman na may kaibigan akong lalaki? Si Mika lang naman ang sinabihan ko at nasa akin ang loyalty n'un. Hindi niya ibabalita ang bagay na iyon kay Mike.

“Si Irvine Vincent Roberts. He’s bad news, Sissy.”

What the hell? I stared into his eyes and I could see that he’s serious about this. Kahit pa lagi kaming nagtatalo na parang aso’t pusa, we care about each other and we give each other unsolicited advices regarding the people we hang out with. Kahit na nasa amin pa rin iyong desisyon kung pakikinggan ang sinabi ng isa o hindi. And in this case, he’s way off mark.

“You’re wrong about him, Mitch.” Iyan ang tawag ko sa kanya kapag in good terms kami. “And I’ve known him for a month now. He’s cool.”

Nangunot ang noo niya and that doesn’t usually happen a lot kasi happy-go-lucky kind of guy siya. Mas madalas na iyong mga nakakausap niya at inaasar niya ang laging nakakunot-noo.

“Then you don’t know him that well. But that’s beside the point. The point is kailangan mo siyang layuan because you’re in danger just by being close to him...”

Huh? Wala kong naintindihan sa paliwanag niya.

“He’s harmless, Mitch! I know because he can’t even fight to defend himself. I had to save him from eight huge guys. Well, I didn’t know he was there at

first. But still. How can he be a danger to me?"

"That may just be an act. He's not as innocent as you thought him to be. He's simply dangerous! As I've said, you don't know him that well. Just stay away from him. Trust me on this, Sissy." "Tapos lumabas na siya ng kuwarto ko at iniwan akong naguguluhan. Sinundan ko siya sa kuwarto niya kaso ang mokong nag-lock ng pinto at ayaw akong pagbuksan. Kahit ano ang gawin kong katok, suntok at sipa sa pinto niya, hindi ako pagbuksan.

Pang-asar lang talaga!

What did he mean about Irvine? Does he know him that well para pagbawalan akong ituloy ang pakikipagkaibigan kay Irvine? Nakakainis talaga ang kamoteng iyon! Pinag-iisip pa ako! Pumunta-punta pa sa kuwarto ko para sabihin na layuan si Irvine 'tapos ayaw namang i-explain nang maayos kung bakit. Anong 'he's bad news, Sissy' na pinagsasabi ng kumag na iyon, eh, kung tutuusin mas matino pa si Irvine kaysa sa kanya.

Lakas ng sayad ng kumag!

Padabog akong bumalik sa kuwarto ko at pabalibag na isinara ang pinto. Tiningnan ko ang digital clock sa ibabaw ng study table at lalong nag-

init iyong ulo ko. 11:45pm. Kukulangin na naman ako nito sa tulog dahil sa kumag na iyon! Nawala tuloy iyong antok ko!

Vanessa's POV

“Mayumi Santibanez. 17 years old. Third year BS Psychology. Top of her class in *Robertson University* yada, yada, yada...”

I stopped listening sa monologue ni Louie after knowing na sa *Robertson University* siya nag-aaral. Damn it. Schoolmates pa sila ni Prince IV. Kung pwede lang na mag-transfer d'un, matagal ko nang ginawa para mabantayan ang prinsipe ko. Guwapo kasi kaya ang daming insekto na naglalalapit. Pero kahit na hindi kami magkasama sa school, hindi ko hahayaan na may lumandi-landi sa kanya.

“Louie, get the car,” utos ko.

Tumigil siya sa pagbabasa sa mga info na nakalap tungkol sa Mayumi na iyon. Mayumi? Psh. It doesn't suit her. The way she's flirting with my prince makes her a whore.

“Pupunta tayo sa *Robertson University*.”

“Ha? Pero—”

“Hindi ko hinihingi ang opinyon mo! Ang sabi ko get the car!”

He immediately moved to follow my order. Dapat lang! A frown formed on my face nang makita ang litrato na kasama ng mga papel na tungkol sa malanding babae.

“Mayumi. Humanda kang babae ka, for even trying to seduce what’s mine.”

Yumi's POV

After hubarin ang reading glasses ko, inilagay ko na ito sa case at pinatay ang laptop. ’Tapos isinoli ko na ang mga librong ginamit sa kani-kanya nilang shelf.

“’Tapos na agad ang book report mo?” tanong sa akin ni Mr. Rodriguez, iyong librarian.

“Iyong draft pa lang po, sa bahay ko na tatapusin iyong iba.”

“Sabi ng huwag mo na akong popo-in. You can just call me Edward. Three years lang naman ang tanda ko sa ’yo.”

Kinilabutan ako sa sinabi niya. Nakikipag-flirt na

naman ang unggoy! Kanina pa 'to, eh. Nasobrahan yata sa kain ng saging! Ngumiti na lang ako nang pilit at nagpaalam na bago ko pa siya masapak nang wala sa oras. Badtrip!

Maiintindihan naman siguro ni Kuya kung bakit ko lalabagin ang isa sa mga kautusan niya na hindi ako pwedeng makipag-away sa school. Ang feeler kasi ng Edward na iyon!

Mabilis akong naglakad palayo sa library. Papaliko na sana ako sa kanan nang may humarang na isang babae at isang lalaki sa harap ko.

“Excuse me,” pasintabi ko at gumilid na para dumaan. Five minutes na lang kasi, mag-i-start na iyong next class ko. Sa kabilang building pa man din iyong room. Kaso humarang iyong girl na parang nananadya.

“You’re Mayumi Santibanez right?” maarte niyang tanong.

For the first time, tiningnan ko siyang mabuti. Maganda siya. She has those big eyes that we’re framed with thick eyelashes. Kahit na fake ang pilikmata, nagmukha pa rin siyang life-size doll. ’Tapos with big curls pa iyong black hair niya. Flawless pa ang mukha. She kinda resembles someone... someone

that I don't want to think of right now.

“Yes, and you are?” sagot ko din in English dahil naaasar ako sa kaartehan ng boses niya at sa pagmumukha niya.

“Layuan mo ang prinsipe ko!”

Ano raw? Naligaw yata ’to, eh. I looked at her closely. Mukha naman siyang normal, aside from the fiery glint in her eyes. Saang panahon ba nanggaling ang babaeng ’to?

“I’m sorry, what?”

“This will be your last warning, Santibanez! Layuan mo si IV!”

Anak ng... Sayang ang ganda ng babaeng ’to, may sayad sa utak. May pa-prinsipe-prinsipe pang nalalaman ’tapos ngayon naman inuutusan akong lumayo kay IV. Sino naman iyon?

“Sorry talaga, but I don’t know any IV.”

“Sinungaling!”

Awtomatikong nangunot ang noo ko. Ambuset na ’to! Tinawag pa akong sinungaling, eh, sa hindi ko kilala kung sino iyong IV na tinutukoy niya, eh. Sinungaling na agad?

“Sa wala talaga akong kilalang IV, eh.” Humakbang na ako palayo but she grabbed my hand and shoved a picture in front of my face. Picture naming dalawa ni Irvine habang kumakain ng ice cream sa *7-Eleven*.

Ang guwapo ng unggoy tingnan habang nakangiti. Then I finally put two and two together. IV = Irvine Vincent. Bakit naman kasi hindi kaagad sinabi.

“Si Irvine pala...”

“Don’t you dare call him by his first name!”

Eh, nagawa ko na eh. Ano ba ang problema ng babaeng ito? Ano’ng big deal d’un? Eh, sa iyon ang pangalan n’ung mokong...

“He’s the one who told me to call him ‘Irvine,’ ” paliwanag ko. Bakit pa ba ako nagpapaliwanag? Ma-le-late na talaga ako sa klase nito, eh.

“Layuan mo siya!” may pagka-hysterical niyang sigaw.

Ang demonyita! Iyong mangilan-ngilang estudyante sa hallway ay nakatingin na sa amin ngayon. Shete!

“May klase pa ako, miss...” I’m sure na late na talaga ako. Akmang lalakad na ult ako pero

hinigpitang niya ang pagkakahawak sa braso ko at isinalya ako sa pader.

Naku! Pasalamat ka babae ka! nang gagalaiti kong wika sa loob-loob ko. Kung naging lalaki ka, kanina pa nakasubsob ang mukha mo diyan sa sahig.

“I’m his fiancée and I’m telling you na layuan mo siya!”

May kung akong kumurot sa puso ko.

Fiancée?

Ang buset na damuhong unggoy na iyon. May fiancée’ na pala! Bakit hindi niya nasabi sa akin?

Teka! Eh, ano naman? Bakit affected ka? kontra ko sa sarili ko.

Ah, ewan!

I spoke in my coldest voice. “Wala siyang nababanggit na fiancée. And if that’s true, wala ka bang tiwala sa kanya? Hindi pati dapat sa akin mo ’yan sinasabi kundi sa kanya. And if he decides that he doesn’t want to be my friend anymore...”—Ipinagdiinan ko talaga iyong friend—“then lalayuan ko siya. Until then...”

“Ang kapal mo!” Halos maningkit na ang mga

mata niya sa sobrang inis. “Louie! Turuan mo ng leksiyon ang babaeng ito. Na hindi magandang kinakalaban ang isang Vanessa Del Mundo!”

Tch. Parang brand lang ng ketchup. At kaapelyido niya pa ang isang demonyo sa nakaraan ko! Psh! Sandaling nag-atubili ang lalaking kasama niya bago ito lumapit sa kinatatayuan namin. Humigpit ang pagkakahawak sa akin ng demonyita kaya napatingin ako sa braso ko. Magpapasa iyong for sure at matatanong na naman ako ni Kuya. And that didn’t end there. She even kicked my left ankle. Ambuset!

And from the corner of my eye, nakita ko na umambang na ng suntok iyong Louie kaso may pumigil sa kamay niya. That person twisted Louie’s arm behind him like it was nothing. Teka. Namamatikmata ba ako?

Si Irvine?

Mas lalo pang nanlaki ang mga mata ko nang suntukin ni Irvine iyong Louie sa plexus na ikinaangat ng mga paa ng huli mula sa lupa sa sobrang lakas. ’Tapos hindi pa nakuntento si Irvine at sinipa ito sa hips ’tapos sa likod in quick succession. Walang malay na nalaglag sa sahig iyong Louie.

What the hell?

Marunong palang makipagbakkalan ang damuho! At di lang iyon, malakas pala ang mokong! Ang sabi niya sa akin ayaw niya ng away kaya hindi siya lumaban n'ung first time kaming nagkita 'tapos ganito? Out of nowhere bigla na lang siyang susulpot at manggugulpi? Napansin ko na nakatingin na rin si demonyita kina Irvine at Louie.

“IV...” mahina niyang sabi.

Tiningnan lang siya ni IV with those expressionless eyes of his, then his gaze dropped to where she was holding me. “What the hell do you f*cking think you’re doing?”

What the—?

Nakakaimik na siya? And his cold baritone voice sent shivers down my spine. Nakakatakot, but at the same time gusto ko ulit marinig. Ang ganda kasi ng bose niya. Teka lang! Kahapon lang hindi siya nakakaimik, ah!

“IV, hi... we’re just... hangin’ out.” Her voice interrupted my internal ranting.

Hangin’ out? Eh, kung isabit ko kaya siya sa rooftop? Pasalamat siya hindi ako pumapatol sa mga babaeng anghel na isinuka ng kalangitan!

“Don’t you f*cking lie to me after trespassing on my turf!”

There goes his cold baritone voice again. Is this really Irvine? Baka naman may kakambal siya tulad ko? He’s like a different person from the one that I saved. Napakagaspang magsalita! Grabe kung makapagmura, even to his girl.

“IV, I’m sorry. I didn’t mean any harm—”

“I told you not to f*cking lie to me. I heard everything.” Hindi tumataas iyong boses niya pero parang blade ang talim ng bawat salitang binibitiwan niya. “And get this useless hobo out of here.” Sinipa niya iyong Louie na unconscious pa din. Hindi na naawa. “Get out of my turf and don’t go sneaking in again because I. Will. Personally. Kill. You. Both.”

Ramdam ko ang pangangatal sa takot ng demonyita dahil nakahawak pa rin siya sa akin ngayon. Namamawis na rin ang palad niya. Lalong lumakas ang pangangatal niya nang lumapit sa amin si Irvine. He pointedly looked at her hand on my wrist before he grabbed my arm and forcefully yanked it from her hold. Masakit din iyon, ha.

“Don’t f*cking touch her again, you’ll contaminate her. And just to be f*cking clear... I was never nor

will I ever be f*cking yours. So stop daydreaming. I would never fall for someone like you.”

Nakaramdam ako bigla ng awa sa hitsura ni demonyita. Para siyang sinaksak ng isandaang beses at pinagsakluban ng langit at lupa. Tears started forming in her eyes. And I don't think those are crocodile tears.

Grabe naman kasing makapagsalita 'tong si Irvine. Ako man siguro ang sabihan ng ganoon in front of so many people, maiiyak talaga ako sa kahihiyian. Napatingin ako kay Irvine but there's still no expression on his face.

I didn't know that he could be so harsh and cold like this. Tama si Mike. I still don't know a lot of things about this guy. But one thing's sure now. Wala siyang fiancée!

Bago pa ako naka-recover sa shock, binuhat na ako ni Irvine, bridal style. My acrophobia attacked again, but the damn guy just walked leisurely away from them and ignored the gasp that came out from me.

“Hoy! Ano ka ba! Sabi nang huwag kang basta-bastang nambubuhat na damuho ka!” sita ko.

“Shut up!” He said in his cold voice and

expressionless face. Nakakapanibago. Nakakainis!

“Damuho ka!” sabi ko sabay sapok sa kanya. Surprise registered on his face for a second. “Huwag mo kong masabi-sabihan ng shut up, ha! Kung galit ka d’un sa dalawang kumag na iyon, ’wag mo ’kong idamay! Ibaba mo na akong linta ka! Kaya kong maglakad. Kainis ka!”

Bago pa siya makaimik, two guys walked up to us and dropped on their knees. Eh? Anong pakulo ‘to? At hindi ko maintindihan kung bakit parang nangangatal ang buong katawan nila. Dahil sa takot? Kanino? Kay Irvine? Well, with his sudden outburst, kung hindi lang ako sanay sa mga bipolar na tao, matatakot din ako.

“Boss, patawad po dahil hindi namin sila pinigilang pumasok dito,” sabi n’ung guy na may nagtirikang buhok.

“Sabi kasi ni Vanessa, may kakausapin lang daw siya, Boss,” paliwanag n’ung kalbo.

Boss? Naguguluhan akong nagpalipat-lipat ng tingin from Irvine to the two guys still kneeling in front of us.

“I’ll let this slide. Just get them out of here,” sagot ni Irvine.

The two guys stood. “Masusunod, Boss.”

“Tapos mabilis pa sa alas kuwatro na pinuntahan nila iyong Louie at iyong babae na nangharang sa akin kanina.

“Teka lang! Anong boss? Ikaw?” Turo ko kay Irvine. “Boss? Ng ano? Gang?” pagbibiro ko.

But when his eyes turned into slits, and his arms slightly tightened around me, the joke seemed to be on me. Shootness!

“Leader ka ng isang gang?” paninigurado ko.

He looked me in the eye and what I saw there made my jaw drop. Alam n’yo ba iyong hitsura ng bata na may ginawang kasalanan, like he stole something at nabuking pero defiant pa rin siya na wala siyang ginawang masama? ‘Yun! Ganoon ang hitsura nitong si Irvine ngayon.

“Seriously?” pangungulit ko.

“Tch.” Iyon lang ang isinagot niya sa akin.

Ambuset!

Nagpumiglas ako from his hold habang hinahampas ang balikat niya at sumisigaw na ibaba ako. Wala na akong pakialam na pinagtitinginan

kami. Nang napilitan siyang ibaba ako, pagkalapat na pagkalapat pa lang ng paa ko sa sahig, I grabbed his hand and dragged him away.

I want answers and I'll force them out of him if I have to.

8

I Demand an Explanation

Yumi's POV

Dinala ko siya sa greenhouse.

Dito lang kasi iyong alam kong lugar na walang dumadayong estudyante. So solo namin iyong place. Wala ring nagtangkang sumunod sa amin.

Iyong akala ko na timid-isang-ihip-lang-nga-hangin-eh-matutumba-na Irvine eh part pala ng isang gang. And take note, ‘Boss’ pa!

I made him sit on my favorite bench while I stood in front of him ng nakacross-arms. Badtrip, eh.

“So... Boss?” asar, pero nagtitimpi kong tanong. Mas lalo pa akong naasar when he only shrugged in response. “Don’t shrug your shoulders like it’s not a big issue. It is! I demand an explanation! You owe me an explanation.”

Nabigla ako sa sinabi ko pero huli na para bawiin, gustuhin ko man. Sino ba ako para mag-demand ng explanation? We just met a month ago. Kailan lang iyon. He still doesn’t trust me that well

to tell me something that important. We told each other a lot of things but nothing this personal. Even I have something that I didn't want anyone to know, especially him.

“Sorry,” pabulong kong sambit. “I know I don’t have the right—”

“Shut up!”

Hinampas ko nga ang braso niya.

“Sabi nang ’wag mo ’kong ma-shut up-shut up diyan na damuho ka! Kung ayaw mong sagutin, eh, di ’wag. Nag-sorry na nga kung maka.... Bakit ka tumatawa?”

Hindi na siya silent tumawa, may boses na. At ang lutong niyang makatawa, ha! Wagas pa! Parang walang bukas. Ambuset! Kahit pa magandang pakinggan iyong boses niya pag tumatawa, nakakaasar pa rin dahil ako ang pinagtatawanan niya.

“Kelan pa ako naging clown, ha?” Hindi ko na napigilang lumabas ang asar sa tono ko.

He had to breathe in, breathe out para lang kumalma. Wagas ba naman kasi ang pagtawa eh. “Ikaw kasi,” parang bata niyang sagot.

Feeling ko tumibok ang magkabilang sentido.

Ako pa talaga may kasalanan?

“You’re truly different,” pahabol pa niya.

“Paanong different? Umayos ka ng sagot kundi tatamaan ka sa akin!”

Ambuset na unggoy! Tinawanan na naman ako!

“Irvine!” Asar na talaga ako!

“You’re good for me,” sagot niya.

“Ano’ng pinagsasabi mo diyan?” Asar na asar na talaga ako! Hindi ko kasi maintindihan ang mokong na ’to. Pokerface lagi ’tapos bigla na lang tatawa.

“Napapatawa mo ’ko,” paliwanag niya.

“Kita ko nga! Wagas kang makatawa diyan, eh.” Inuubos talaga ng damuhong ’to ang katinuan at pasensya ko. Siguro may ideya na kayo kung paano kami nag-uusap nitong nakaraang buwan. Ganyan. Walang sense!

“Badtrip ka na?” tanong niya matapos mahimasmasan sa pagtawa.

“Kita naman, di ba?”

Bago pa siya makatawa ulit, tinakpan ko na ang bibig niya. One of my hands is on top of his

mouth 'tapos the other one is at the back of his head. Hinawakan niya iyong wrist ng kamay ko na nakatakip sa bibig niya, 'tapos naramdaman ko na lang na ngumuso siya. Halikan ba naman iyong palad ko! Sinapok ko nga ulit.

“Loko ka talaga!” Tumalikod ako sa kanya kasi nag-iinit ang mukha ko. Ayokong ipakita sa kanya kasi for sure aasarin na naman ako niyan. Lalo na ngayon na nakakaimik na pala siya.

“Gusto ko lang malaman kung bakit di mo sinabi sa akin na leader ka ng isang gang, kung saan-saan na naman napunta usapan,” I thought out loud.

“Does it matter?” he asked in a serious tone. “Me being a gang leader?”

Ang astig kaya! Gusto ko sanang sabihin pero pinigilan ko ang sarili ko. “Not really. I’m just curious why you didn’t tell me.”

“Would it have changed your opinion of me?”

“Of course! Ang layo mula sa first impression ko sa ’yo ang nakita ko kanina. But if what you’re really asking is if I’ll stop being your friend then the answer is a definite no.” Humarap ako sa kanya ’tsaka ngumiti nang nakakaloko. “Tinanggap ko nga ’yang pagiging alien mo, iyon pa kayang pagiging gang leader? Mas

normal pa nga iyon, eh!” Lalo pang lumawak iyong ngiti ko ’tapos binelatan ko siya.

“Tch!” was his only answer ’tapos tumawa na naman siya.

He combed my hair toward my face again just like the second time we met. Iyong hairstyle ni Sadako, gan’un hitsura ko ngayon.

“Naman!” reklamo ko. Kung ayaw niyang makita mukha ko, sabihin niya na lang sana, hindi iyong ganitong tatakpan na lang ng buhok ko. Hmp! I gave him a glare after combing my hair away from my face ’tapos binelatan ko siya ulit. Badtrip, eh!

“If you do that again, I will kiss you,” banta niya.

This time, sapok sa ulo naman ang tinamo niya.

“Sira ulo ka talaga! Sa lahat ng ipapanakot mo...”

Tumawa na naman siya nang wagas habang namumula ang mukha ko! Ambuset lang talaga!

Irvine’s POV

I was laughing.

This girl is just... hilarious! That's why I like

talking to her... being with her. Her reactions really amuse me. Walang pretense ang kilos niya. Natural. And most of all... cute. Tch! I can't believe I said that. Ever since I met her ang laki ng ipinagbago ko.

“Sabihin na kasi.” Para siyang batang asar na pero nagmamakaawa pa rin. I don’t know if she’s aware of it, but she has a habit of pouting when she’s irritated and especially when she’s embarrassed.

“I told you not to do that.” Making cute faces coz I’m getting this urge to kiss her.

“Ano? Kiss na naman papanakot mo? Ikikiskis ko ’yang labi mo diyan sa bench!”

Again, I laughed. Pang-ilan na ba ’to today? I lost count already.

“Magpapaliwanag ka ba o hindi? Kapag hindi, iiwan kita. Bahala ka na dito. Kausapin mo ’yang mga halaman.”

I forced myself to be serious. Hearing her say na iiwan ako brought a wave of emotions alien to me. Ang bilis naman kasing mapikon ng babaeng ’to. Mas malala pa sa akin during my dark days.

“Where do I start?” tanong ko.

“Uhm...” Sandali siyang nag-isip, then she

clapped her hands before pointing a finger at me. “How about the first time we met? Bakit hindi ka lumaban sa mga kapreng iyon? And don’t give the BS explanation you gave me before.”

“Walo sila,” pagdadahilan ko. Tinaasan niya lang ako ng isang kilay. Parang sinasabi na ‘so?’ Sabi ko nga di makakalusot, eh.

“I was just being stupid that night.”

“And why is that?”

Naupo siya sa tabi ko. Not the normal way girls sit, kasi nakaharap siya sa akin ’tapos naka-indian seat. Ibang klase talaga. Or maybe she just grew comfortable with me over the month that we’re together na nagagawa niya ang mga bagay nang hindi na pinagiisipan.

“Irvine,” pukaw niya sa akin.

I really like hearing her call my name and she’s the only one that calls me Irvine.

“I was just bored that night. So I took a walk. Then they showed up asking for a fight. Eh tinatamad ako, so I gave them five minutes to beat me up.”

“Ano?” Nakasigaw na naman. Does it mean asar na naman siya?

“Well, I was also curious about how it would feel na mabugbog.”

Nanlaki ang mga mata niya. Ang cute.

“But they were a disappointment. They had to rely on weapons just to make me bleed.”

PAK

WTH? Nakakatatlo na yata siyang sapok sa akin ngayon, ah. Napakagaan ng kamay. Kung iba-iba lang siya, lugmok na siya ngayon sa sahig dahil naipagbugbog ko na siya. Or maybe not. I doubt that she'd go down without a fight. May pagka-warfreak din.

“Curious ka palang malaman kung ano’ng feeling ng mabugbog ha? Disappointed ka pa sa nangyari that night?” Her tone was getting scarier by the second. “Puwes ako na lang ang bubugbog sa ’yong kumag ka para naman ma-satisfy ’yang curiosity mo! Magaya ka sa pusa!”

While she’s talking, her fists are also moving in sync. I received a blow on my right arm and another one on my back. This girl sure knows how to punch hard. Nakakatuwa. Ever since I met her, my life ceased to be dull. She brought color to my world with her spunky attitude. I can’t recognize myself

anymore from the cold person I was before. I even started thinking and saying cheesy lines to myself because of her.

Like she's my sun and I don't want to lose her and the warmth that comes with her.

One month ago...

Boring, I thought as I waited for the next blow.

Three minutes more matatapos na rin 'to. Siguro naman satisfied na sila sa 5 minutes na free punching bag? Ako naman ang gaganti kapag di nila ako napatumba. Ang lalaking tao parang babae kung sumuntok at humampas.

Tch. F*cking retard.

A light came out of nowhere. Then I also heard the sound of an engine. Malas naman ng napadpad sa lugar na 'to at this time of the night. Iyong walang lalaki na nakapaligid sa akin biglang d'un sa pinanggalingan ng ilaw nabaling ang atensyon.

The clock is ticking, retard. Ubusin n'yo ang oras n'yo sa walang kwentang bagay. When the time is up, ako naman ang kikilos and make you shits pay for wasting my time.

“Ano’ng kelangan mo, ha?” tanong n’ung isang tanga.

There was silence then.

“Dadaan. Ano pa sa tingin n’yo?” someone answered back, but the voice sounded muffled.

“Aba! Asbag mo, ah!” the same guy shouted back.

Since natatakloban ako ng mga malalaking tanga, hindi ko makita kung ano ang nangyayari. Naupo na lang ako sa sahig. Kakatamad tumayo, eh. Wala na rin naman sa akin ang atensyon ng mga bakulaw. Better rest and make them pay later. And I don’t have any inclination to help that stupid passerby. Bahala siya sa gulong pinasok niya.

A very ugly sound pierced the silence of the night. Then it was suddenly cut off. I wonder who got beaten up, kaso nakakatamad tumayo.

“Ehem! Pwede nang dumaan?” the muffled voice asked again.

Still alive, eh?

Iyong mga bakulaw nainsulto yata kaya bigla na lang nagtatakbo at sinugod kung sinuman iyong dumating. Naiwan lang sa harap ko si... I forgot his f*cking name. Duwag talaga. Like earlier, pinabayaan

niya munang bugbugin ako ng mga tauhan niya before he acted and that was when he saw for himself na hindi talaga ako lalaban.

Two voices pierced the silence of the night. F*cking morons! Mga mukha na ngang cross-breed ng kabayo at gorilla, booses bullfrog pa. Then there were just these noises... the ones you hear when someone fell flat on their faces or on their butts.

“Ano ba? Lumapit ka nga nang matapos na ’to!” Parang asar na asar na iyong may-ari ng muffled na voice.

“Bakit, naiinip ka ha?” a frog answered back.

“Lumapit ka sabing duwag ka!” the muffled voice ordered.

“Duwag? Ako? Hah! Nagpapatawa ka ba? Ano’ng basehan mo at nasabi mong duwag ako? Miyembro ako ng isa sa pinakamalakas na gang sa lugar na ’to!”

Nagyabang pa ang tanga kahit wala namang kwenta ang gang nila. Husto lang sa yabang at sigaw, ang hihina naman.

“Naghanap ka pa ng basehan?” My ears perked up when I heard a woman’s voice. Her voice sounded angelic and scary at the same time.

Umalis sa harap ko iyong leader ng mga bakulaw and slowly inched his way to the woman's back. I don't know why, but my mouth opened up to warn her, when I've already decided that I won't help her. But no sound came out of my lips.

Huh? What the hell's wrong?

I forgot about my voice completely with the scene in front of me. A woman with long, straight hair rolled away from I-don't-know-his-useless-f*cking-name, and then sprung up from the ground and jumped on the guy's back. I didn't notice what she did but the useless hobo slammed to the ground face first with her riding on his back. Damn!

"Agh! Anak ng higanteng kabayo! This is too damn late in the night for this kind of exercise!" she shouted again. Nakatalikod pa rin siya sa akin.

I still couldn't see her face. She then asked me if I could stand but I was not able to answer her because I was too mesmerized by the way her long hair danced with the night breeze. And here I thought I was immune to the likes of her. Females. Why do I feel some kind of pull coming from her?

Tinanong niya ulit ako kung kaya kong tumayo, this time in Tagalog with a hint of impatience coloring

her tone. Napilitan akong tumayo na. She said something 'tapos nagpunta na siya sa bike niya then she navigated it around the shitheads on the ground.

She stopped in front of me and that's when I saw her face. She has big round eyes with dark eyelashes and there's a glint in them that somehow tells me she already went thru hell and back. Her heart-shaped face compliments her slightly upturned nose and high cheekbones. And those lips of hers...

"Hop on."

Huh?

Inulit niya ulit iyong sinabi niya kanina, dadalhin niya raw ako sa ospital. Pero okay lang naman ako. Sanay na ako sa sakit. Magdadahilan sana ako pero ayaw talagang lumabas ng boses ko. I remember that one of those shitheads punched me on the throat. Buti na lang naintindihan niya iyong mga gestures ko. Dahil wala na akong balak ulin. Parang tanga lang kasi.

She insisted that we need to go to the hospital to have me checked by a doctor. Ang kulit. Sige, pagbigyan. Umangkas na rin ako sa bike niya. Nice! Bili rin kaya ako nito? Napansin ko na naka-helmet na siya.

“Humawak ka dahil medyo mabilis akong magpaandar,” she spoke through the helmet.

Shit! I don’t like touching girls. Pero ayaw ko naman siyang suwayin. Ewan ko ba! Humawak na lang ako sa baywang niya. F*ck! Ang liit. And the weird thing was I didn’t feel disgusted touching her. Huh! And what she said was true. Ang bilis niyang magpatakbo ng motor, ang hilig pang sumingit kahit alangan kaya sinusundan kami ng busina ng mga sasakyang.

Pagdating sa emergency room nakipagtalo pa siya sa akin. Gusto akong pasakayin sa wheelchair! The hell!

I’d never sit in that f*cking chair. Kaya ko naman, eh. Plus I’m having fun contradicting her. She had these cute expressions... She dragged me inside matapos namin magtalo at ako ang nanalo. Pinabalik niya na lang d’un kay ‘Luis’ iyong wheelchair ’tapos nakipagbulungan pa siya nang konti.

Kaano-ano niya kaya iyong Luis? Bakit masyado siyang close d’un?

Tch. Why do I care?

“Upo ka muna diyan.” She then gestured to the vacant bed.

Tch! Ayaw! Tumingin lang ako sa kanya. Mas kita ko na features niya ngayon. Auburn pala hair color niya. It matches her personality. Fiery. She suddenly reached out at itinabingi ang ulo ko. Dahil pasaway, nakatingin pa rin ako sa kanya from the corner of my eye.

Tinapik-tapik niya pisngi ko 'tapos biglang sumigaw ng, "Upo sabi!"

Honestly, I was surprised with that. Siya lang kasi ang bukod-tanging babae na nakuhang sigawan ako. Napaupo tuloy ako nang wala sa sarili. Then someone shouted a name and she looked alarmed for a second before she turned toward the source of the voice.

So Mayumi Sabelle pala ang name niya.

"Lower your voice, please. Kaharap mo lang ako, eh. Think of my poor eardrums. And I told you a hundred times already, don't call me Mayumi," angal niya.

I like her name though. Mayumi.

The newcomer asked in a very loud voice. "Mayumi! Ano'ng ginagawa mo dito?"

"Dadayo ng tulog," she sarcastically answered.

Haha. Pasaway na bata. The nurse slapped her

with a patient's chart. Shit! Seeing someone hurt her triggered something inside me. I wanted to pull her behind me and use my body as her shield. WTH?

“Sumagot ka nang maayos!” sigaw na naman n’ung newcomer. She’s pissing me off.

“Aray naman! Tatanong ka pa, eh! Ano ba’ng mga kadalasang dahilan kung bakit ako napunta sa ospital?” Mayumi sidestepped to the left.

“OMG! Ano’ng nangyari sa kanya?” tanong na naman ng nurse. Mas tumaas pa ang boses niya. “Ano’ng ginawa mo?”

“Ano’ng ginawa ko? Bakit ako? Anong klaseng tanong ’yan?” reklamo ni Mayumi.

“Binugbog mo siya?”

Pfft. Normal ba sa babaeng ’to ang mambugbog? Maybe that’s what I found appealing about her. She’s not like the normal crazy girls out there who act all shy and dainty but when no one is looking, they would try to seduce me. This girl who dragged me here was all woman but acted like a man.

“Binugbog? There you go assuming again! Kung ako ang bumugbog sa kanya, why would I bother bringing him here personally?” depensa niya sa sarili.

“Siya nga naman.” Biglang baba ng bose ng nurse na mukhang Hapon. Sandali siyang nawala ’tapos pagbalik, may dala nang tray na may laman na kung ano-ano. She started to dab cotton on my face. Gusto kong sumigaw na, ‘Don’t f*cking touch me.’ Kaso lecheng bose, wala! ’Tapos nakatingin pa sa amin si Mayumi so I forced myself not to react. Not from the pain. As I’ve said, I feel fine. What I’m referring to was the annoyance that comes from someone touching me.

F*cking hell!

“Ano ba ang nangyari?” tanong na naman ni Haponesa.

Ikinuwento nga ni Yumi ang nangyari kung bakit siya d’un dumaan. So, may pagka-bookworm din siya. Then she also told her what happened in the alley.

“What? You fought agaisnt eight men all by yourself?”

F*ck! Kailangan ba talagang sumigaw? Napatakip tuloy ng tainga si Mayumi. Tatamaan na talaga sa akin ’tong Haponesang ’to.

“Nice! Lakas mo talaga, Yumi!” May sumigaw na lalaki.

Tch! Mas malakas ako. Gusto kaya niyang matry? Buwiset kasi! Epal! Ang dami nang nakapaligid sa amin ngayon. Wala bang trabaho 'tong mga 'to? 'Tsaka kanina pa ako nagtataka. Bakit close si Mayumi sa mga nurses dito?

“Salamat,” Mayumi answered with a smile.

“Ikaw talaga! Napakahilig mo sa away! Alam na ba ni Fritz 'yan?”

She's really pissing me off! Hinampas niya na naman si Mayumi. Teka nga! Bakit ba ako nagagalit? 'Tsaka sino iyong Fritz na iyon? Boyfriend? Perhaps. Kita ko kasing kinilabutan si Mayumi. Tch!

“Don't worry, Mika, for sure he knows na,” sabat n'ung isang nurse na kanina pa nakatingin sa akin. Dudukutin ko mata nito! “Nagtatakbo palabas si Yvette para magsumbong.”

Napatawa si Mayumi habang nauupo sa tabi ko. I could smell her perfume, something sweet and exotic. 'Tapos panay pa ang likot ng mga paa niya habang nakaupo. Parang bata. “What does she plan to do? Pumunta sa bahay 'coz she if she calls him, he'll just ignore it. What?”

“Alam mo ba kung anong araw ngayon?” tanong n'ung Luis.

“Wednes... Oh, shoot!”

Bakit kaya? Ano ba ang meron? Damn it! She looks so terrified right now and it makes me uneasy. Very uneasy that it's making me want to bash someone's head. I'm already imagining smashing his (Luis) head between the emergency doors. Damn it! What's wrong with me?

Nabigla na lang ako nang may bigla na lang humawak sa baba ko. Si Mayumi pala. Gasps erupted from the onlookers. Problema ng mga 'to? Ayaw pa magsialis. Buti at nakaramdam si Haponesa at pinaalis sila. May kwenta naman pala. Nabawasan nang konti asar ko sa kanya.

However, si Mayumi parang natakot na naman bigla. Instinctively, I grabbed her hand that was holding the cotton ball and rubbed circles on the back of it. Napatingin siya sa akin.

“Thanks.” Tapos saka siya ngumiti. She squeezed my hand once.

My heart started beating loudly and eratically.

Shit. WTF?

A loud voice suddenly shouted her name. Mayumi almost jumped out of her skin sa sobrang gulat. May

doctor na lumapit sa amin. He looks very familiar.

I swear *he* looks just like... Wait. He's the boyfriend?

"Kuya," sambit ni Mayumi.

Tch! Kuya lang pala.

"Care to explain why you're here and not at home?" he asked.

"I can explain. There's a really good reason behind it, but can we discuss this at home, Kuya?" Parang nagmamakaawa ang tono ni Mayumi. I don't like that tone on her. Hindi bagay.

"No. We'll discuss it in my office instead."

"Can you give me five minutes? I swear, I'll go to your office. I just need to do something first."

The guy sighed before he went out of the room.
Good riddance!

"Good luck, Yumi," an irritating voice said from somewhere.

"That's not helping, Luis."

Tch! Iyong Luis na naman. I grabbed her hand again to show my support. Support? Damn it! What

the hell is f*cking wrong with me?

“Thanks. I need to go, but these guys will take care of you. Don’t worry about the bill. Mika will just put it on my tab. Oh, shoot!” dere-derecho niyang imik. ’Tapos humarap siya kay Haponesa at may kung anong ibinilin. Hindi ko na lang pinakinggan.

I’m still thinking of that guy doctor. It’s a small world indeed. It’s a good thing that he’s too distracted to notice me. I’m not in the mood to deal with him right now.

Paging Miss Mayumi Santibanez. Paging Miss Mayumi Santibanez. Dr. Santibanez needs to speak with you now. Please proceed to his office immediately.

The damn intercom confirmed my suspicion. Mayumi Santibanez. Dr. Santibanez. I know of one other Santibanez. This world is really f*cking small.

“Sorry, kailangan ko nang umalis. Baka hindi na ako makabalik pero huwag kang mag-alala. Mika will... Si Mika na ang bahala sa ’yo,” sabi sa akin ni Mayumi. I squeezed her hand one last time before I let her go.

A minute after niyang lumabas ng emergency room, lumabas na rin ako through the door na pinasukan namin kanina. Tinawag ako n’ung

Haponesa pero hindi ko pinansin. Umikot ako sa labas ng ospital.

Kung hindi ako nagkakamali, iyon ang director's office. Sumandal ako sa tabi ng bintana and listened to their conversation. Napaderecho ako ng tayo nang marinig ang pangalan ni Mike. So it's not a coincidence. They're all related. Umalis na lang ako after making sure that she's going to get home safely. Mukha namang hindi niya susuwayin ang kuya niya at magpapasundo siya kay Mike.

Present...

“So noon pa lang alam mo nang kapatid ko si Mike?” tanong ni Mayumi sa akin.

“Yeah.”

“Why didn’t you tell me?”

“I didn’t know if you knew that your brother was part of a gang, and I didn’t want you to know that I’m part of it, so...” dahilan ko.

“You’re a big part of it. And, yes, I know that he’s part of a gang. Kaya nga gumawa ng kautusan si Kuya na bawal malaman sa campus na magkapatid kami. Baka daw kasi madamay ako sa away ni

kolokoy.” Tinapik-tapik niya ang baba niya. “So kay Mike mo nakuha number ko?”

“Yeah, hinanap ko lang sa phone niyang name mo.”

Medyo nahirapan nga ako kasi hindi under Mayumi naka-register ang number niya kundi under Sissy. Sira-ulang tao iyon. Kung hindi ko pa tiningnan ang call logs.

“Ahh. Next question. Ano ginagawa mo sa loob ng shed n’ung second time tayo nag-meet?”

“Pass.”

Hinampas niya na naman ako sa kanang braso.

“You promised earlier that you’re going to answer all my questions and that you’re not going to lie to me,” paalala niya.

Shit! Bakit ba naman kasi may ganoong rule? Bakit ba ako pumayag? Bakit ba kasi pagdating sa kanya hindi ako maka-hindi? Shit!

“Tch! May itinali at itinago lang ako sa loob ng shed na kutong-lupa.”

“What? Bakit?”

Dahil sa ’yo. Dahil balak kang pagsamantalahan

ng hinayupak na iyon. Maalala ko lang ang mga pinagsasabi ng tarantadong iyon, kumukulo ulit ang dugo ko! Siguro naman natuto na ng leksiyon ang hayop na iyon after getting expelled dito dahil after two days ko na naalala na ikinulong ko siya d'un.

“Irvine? Bakit?”

“He pissed me off! He was saying perverted things about you that day! He said that you’re always hanging out alone in this area and he would like to have... a taste... tch! Let’s just leave it at that. Okay?”

Halata sa expression niya na ayaw niya, but she finally relented. “O-kay,”

She reached out and placed her hand on top of mine na nakakuyom. She rubbed circles on the back of my hand like what I did to her the first time we met.

“Irvine Vincent.” Tumingin ako sa kanya and she me gave a huge smile which caused my heart to leap to my throat and got stuck there. “Thanks for protecting me. Then and earlier.”

Nakahinga ako nang maluwag sa sinabi niya. Akala ko kasi lalayo siya sa akin dahil sa gang leader ako ’tapos magaspang pa ugali ko at madaling mag-init ang ulo ko according to the guys.

“Tch! Shut up!” I forced myself to speak up. Hinampas na naman niya ako, this time sa batok. I laughed out loud and this time she laughed with me, I guess she now knows why I always tell her to shut up. Langya naman kasi. Nakakahiya.

9

A Talk Between Men

Mike's POV

Damn it!

I don't want to talk to him but I have no choice. He needs to know what's happening. Masasabon ako nito nang matindi dahil ngayon ko lang sasabihin ang tungkol kina Yumi at IV. Mas protective si Kuya kaysa sa akin sa only sister namin.

Sino man kasing manakit kay Yumi makakatikim sa akin ng double kick at upper cut bago ko isasabit sa puno at patatamaan ng isang libong darts. Si Kuya malamang ay gagawin din lahat ng iyong 'tapos pipigaan ng kalamansi ang mga open wounds bago hihiwain ulit gamit ang paborito niyang scalpel. Ganoon siya ka-sadista.

Kaya tiyak na magwawala siya kapag sinabi kong sinugod si Yumi sa school ng babaeng naghahabol kay IV at sobrang close na siya kay IV. Potek naman kasi iyong dalawang iyon. Malihim! Kaya pala laging wala sa meeting ng gang iyong ugok na iyon kasi ka-*Skype* si Yumi. 'Tapos nand'un man, hindi mawalay

ang atensyon sa cellphone kasi ka-text pala si Yumi.

“Tapos ako heto, ako ang magpapaliwanag sa husgado. Ako naman ang nagpumilit kasi baka magkabanggaan lang iyong dalawa. Hindi iyon maganda. Competitive si Kuya at si IV... IV becomes more brutal kapag malakas ang kalaban. Ampupu lang di ba kapag nagkaharap sila?

Shit lang talaga!

I knocked on the door to his room with trepidation.

“Pasok,” sigaw ni Kuya sa kabilang side.

Badtrip pa yata base sa tono ng bose niya. Shit talaga! Ang ganda naman ng timing ko. Pumasok na lang ako agad sa loob bago pa mainip si Kuya.

“Ano’ng nangyari?” Iyan ang laging tanong niya sa akin kapag nakakatunog siya na may nangyari kay Yumi o tungkol kay Yumi ang sadya ko sa kanya. Lakas talaga ng radar.

Okay. Huwag nang magpaligoy-ligoy pa. Here goes.

“Yumi was attacked today.” That probably came out wrong dahil napatigil si Kuya sa paghuhubad ng polo at parang magkaka-whiplash pa sa bilis ng paglingon niya sa akin.

“What?”

‘Ayan na nga po! Akala ko guguho ang bahay sa lakas ng sigaw at suntok sa cabinet niya.

“Relax, Kuya. She’s perfectly fine. Wala ni isa mang sugat sa kanya. Let me just explain what happened.”

Tumango lang siya pero kita ko na nangangatal pa rin siya and his hands were fisted. Para siguro makontrol ang sarili niya. Kaya hindi na ako nagpatumpik-tumpik pa at ikinuwento na ang nangyari. Starting from the day I found out that Yumi and IV are friends up to what happened earlier.

Magkasama kasi kami n’un ni IV. Sinundo niya ako from my room kasi may sasabihin daw siyang importante. Papunta na kami n’un ng cottage at d’un nga namin nakita iyong gulo na ginawa ni Vanessa. Ako dapat ang aawat sa kanila kaso inutusan ako ni IV to stay put. Eh, nasa loob kami ng campus at siya ang batas d’un. ‘Tsaka he didn’t even give me a choice kasi pagkasabi niya ng ‘stay’ mabilis na siyang nagtungo kina Sissy. Kaya ’ayun...

“Sino ba ang kutong-lupang IV na ’yan, ha?” asar na tanong ni Kuya but something in his eyes told me that he already has an idea.

“He’s the leader of our gang.”

“A gang leader?” Naglabasan ang veins niya sa noo. Shit! Dapat yata sinabi ko na friend ko muna para hindi pangit agad iyong first impression niya, kaso nasanay kasi ako na gan’un ang description kay IV, eh.

“Hindi siya gaya ng iniisip mo, Kuya,” depensa ko sa kaibigan. Kahit pa parang laging may maskarang suot ang taong iyon at laging ipinapadala sa ospital ang mga taong kumakalaban sa kanya dahil halos agaw-buhay na, eh, hindi siya masama. Hindi siya nagsisimula ng away. Iyon lang, hindi siya marunong umatras sa away.

“I told you to watch over your sister in school!”

Badtrip din, eh! Binawi niya kaya iyon at sinabing huwag akong maglalapit kay Yumi at mas mabuti nang hindi malaman sa campus na magkapatid kami kasi nga part ako ng gang.

“It’s not easy to watch over her when I’m not supposed to be seen with her!” Malumanay kong paliwanag kahit gusto na ring magputukan ng mga ugat ko sa inis. Ayokong magkabanggaan kami dahil kapag nagkataon, magsusuntukan kami hanggang may isang sumuko, which is malabo kasi parehas

naming ayaw nagpapatalo. Eh, baka magising lang ang mga tao dito sa bahay lalo na si Nanay Beth. Patay kami d'un.

“How did they meet anyway? Is he making a move on our Yumi?”

Hindi halatang possessive Kuya namin, ’no?

“She saved me,” a familiar voice answered from the veranda.

Parehas kaming napabaling ni Kuya sa pinanggalingan ng bose at medyo nalaglag ang panga ko nang makita sa IV na prenteng nakaupo sa balustre. Sabay rin kami ni Kuya na umimik.

“Paanong—?” tanong ko.

“Who do you think you are?” si Kuya. There’s something in his tone that makes me think na kilala niya si IV.

“I used the tree.” He indicated the mango tree behind him. “And you know me. I’m IV.”

Angas talaga ng lalaking ’to. Walang kinikilala. Ano naman ang naisipan nito at nag-ala-Tarzan para makaakyat dito? Bago ko pa natanong, inunahan na ako ni Kuya.

“Ano’ng kailangan mo?”

Patay! There goes his cold, calculating voice. Mas gusto ko pang nagsisigaw si Kuya kaysa ganito na hindi mo malaman kung ano ang nasa loob. Ito namang si IV, may death wish yata at pumasok pa rito sa loob at naupo sa kama ni Kuya. Gago talaga!

“I was under the impression that you’re the one who is in need of answers,” sabi pa niya.

Mukhang may death wish nga. Damn it! I already told him that I’d take care of this and that there’s no need for him to talk to Kuya tonight. Psh! Walang tiwala? O naghahanap lang ng gulo ang gago?

“What are you doing here?” tanong ni Kuya. “At paano kayo nagkakilala ni Yumi?”

“I want something from you, Doc.”

Ang gago talaga nitong si IV. And how did he know that Kuya’s a doctor? I never told him anything about my family, especially iyong tungkol kay Kuya. But then we have Tres in our gang. Maybe he did a little checking on me.

“We met the night you grounded her for fighting with eight men,” patuloy ni IV bago ko pa siya matanong kung tama iyong hula ko.

“You’re that guy she brought to my hospital?”
hindi makapaniwalaang tanong ni Kuya.

So siya pala iyong guy. Bakit nga ba hindi ko naisip na siya iyon? Nabanggit nga sa akin ni Edge na umuwi si IV na may mga sugat sa katawan, pero ayaw raw sabihin kung bakit.

“Yumi saved you?” takang tanong ni Kuya ’tapos tumingin siya sa akin na parang sinasabi na, ‘Sabi mo gang leader. Bakit kailangan pang sagipin ni Yumi?’

Umiwas na lang ako ng tingin. Aba! Ano’ng isasagot ko d’un? Na hindi ko alam at may saltik ang leader namin?

“Bakit kailangan ka pang iligtas ng isang babae?” hindi napigilan ni Kuyang itanong.

Patay! Ang ayaw na ayaw pa naman ni IV, eh, kinukuwestyon siya. Mapipigilan ko ba ’to pag nagwala?

“I didn’t ask to be saved. She was just there at the right time na wala pa akong balak patulan iyong mga gagong iyon,” sagot ni IV.

Eh? Nagpaliwanag ang gago? Ano ba ang nakain nito?

“So what are you trying to say? Ano ba kailangan

mo, ha?”

Naku naman! Mas lalong hindi ko kaya kapag si Kuya ang nagwala rito. Tiyak kasing hindi aatras sa away ’tong si IV. Kapag pumagitna ako, madadamay lang ako sa suntukan nila. Ayokong ma-deform ang gwapo kong mukha.

“Sorry.”

Ano daw? Pakiulit! Nabibingi na ba ako?

“Sorry. For dragging Mayumi into my complicated life.”

Halos mabingi ako sa nadinig. Si IV ba talaga ’to? Baka may sapi? Kahit anong kusot ang gawin ko sa mga mata ko, siya talaga iyong nakikita ko na relaxed na relaxed na nakaupo sa kama ni Kuya.

“I’m not here to fight. Nagpunta lang ako dito to tell you something.”

Kumunot ang noo ni Kuya. “And what’s that?”

“Mayumi’s going to be a part of our gang now.”

Fritz’s POV

That kid pisses me off! Ang lakas ng loob na

akyatin ang kuwarto ko at umupo pa sa kama ko nang walang pahintulot. May pinagmanahan talaga! Kung makapagsalita parang magkaedad lang kami! Bakit ba kasi nakilala pa siya ni Yumi? Hindi naman impossible na magkakilala sila dahil sa iisang eskwelahan sila pumapasok pero bakit kailangan na maging close sila sa isa't isa? This is all because of Mike! If he didn't insist on joining that blasted gang of that blasted kid.

Shit!

Nabasag ang hawak kong baso and pieces of it cut my palm. I should have known better than hold something fragile when I'm mad. Ano na lang sasabihin ng mga kapwa ko doktor kapag nakita nilang sugatan ang kamay ko? Why the hell do I care? I have more pressing matters at hand na pinoproblema.

Yumi and that blasted kid.

Should I do something about those two or should I leave them be? I already agreed sa proposition ng batang iyon na isali sa gang si Yumi. What he said made sense. Since their friendship is already out in the open, wala nang kwentang magtago sa background si Yumi katulad ng dati. It's better to have someone by her side at all times. Nakakairita lang na it would be that kid!

But then if he has even only a quarter of his father's fighting ability, then he's more than capable of protecting our Yumi; if he's exactly like him, the better. After all, his father was known as the Lord of all Gangsters during his prime and that title was not something to be taken lightly.

So I guess I'll leave them be... for now. Huwag na huwag ko lang malalaman na sinaktan niya si Yumi in any way, be it physical or emotional, dahil maghahalo ang balat sa tinalupan.

10

Meet the Gang: Chaos

Mike's POV

Naalimpungatan ako dahil sa malakas na kabog mula sa kabilang side ng pinto ng kuwarto ko kasunod ang malakas na pagtawag sa pangalan ko.

Tiningnan ko ang digital clock sa nightstand. 9:46 am. Ang aga pa! Bakit naisipan niya akong bulabugin?

“Wala dito si Mike! Tulong! Umalis! Naglaba!”

“I don’t care! I’m coming in! You’d better be decent!” Yumi yelled.

Kasunod n’un ang pagpihit ng doorknob.

Shit! I quickly hid under the blanket. You see, I like to sleep wearing only boxers and if she sees me that close to naked, well, let’s just say that I won’t have use of my ears for the next couple of hours. I barely made it in time.

“Jeez, Sissy! It’s Saturday. What can you possibly want? Tell me quick so I can go back to sleep,” I

mumbled under the sheets.

“Well you won’t be going back to sleep, brother dear. I need you to drive me to Irvine’s pad. I know what you’re going to say kaya uunahan na kita. Pumayag po ang mahal na hari kaya no choice ka. So. Up. Up! I’ll be waiting for you downstairs. If you’re not there in fifteen minutes, ready to go... Well, babalik ako para sunugin ang *Marvel Comics* collection mo. *Capisce?* Love you, brother dear! Oh! And we’re bringing Rap.”

Shit lang! I pulled down the blanket to glower at her. Pero wala na kahit anino niya sa kuwarto ko. Badtrip! Kumusta naman ang beauty rest ko? Pakshet, o...

Yumi’s POV

Hindi ko napigilang sumigaw kasabay ng pagpikit ng mga mata. Bakit kasi ganoong tanawin pa ang bubulaga sa akin pagpasok sa pad ng mokong na ’to? Maka-ilang segundo lang mula nang sumigaw ako, nakarinig ako ng humahangos na yabag mula sa likuran ko. Dama ko rin na madaming nakatingin sa akin, especially the one that made me scream like a crazed banshee.

“Sissy? Bakit? Ano’ng nangyari?” tanong ni Mike, halata sa tono ang sobrang pag-aalala pero hindi ko siya sinagot. Instead, I took a deep breath bago sumigaw ulit.

“Irvine! Damuho ka! Kainis ka! Magbihis ka nga! Bakit ba naka-towel ka lang na mokong ka, ha?”

Wala akong sagot na nakuha mula sa kanya, but I heard gasps around me. I even heard my brother muttering profanities beside me. Kundangan ba naman kasi na iyong makikita ko pagpasok na pagpasok sa living room ng bahay ni Irvine! Nakatapis lang kasi ng towel ang mokong na parang katatapos lang mag-shower. Kaya heto, ang lakas tuloy ng tibok ng puso ko at nanlalamig ang buong katawan ko!

Ambuset!

Since nakapikit pa rin ako, naramdaman ko na lang na may humawak sa ulo ko ’tapos ginulo pa ang buhok ko habang tumatawa. Hindi ko na kailangang magtanong kung sino dahil siya lang naman ang letsugas na mahilig gumawa n’un. Plus I know his laugh. Alam mo iyong tipong ang sarap pakinggan na nakakabuwiset at the same time.

“Wagas ka kung makatawa! Magbihis ka na nga! Ikaw na ang may six-pack! Ikaw na din ang macho!

Magbihis ka lang dali!"

Badtrip! Tumawa pa siya lalo! At lalo pang ginulo ang buhok ko. 'Tapos itong kakambal ko na may toyo sa utak, nakipag-duet pa ng tawa. May isa pang boses na nakisali na hindi pamilyar sa akin pero buset sila... pag-uuntugin ko kaya sila!

"Eto na. Magbibihis na."

May narinig akong bumukas-sara na pinto kaya saka lang ako naglakas-loob na magmulat ng mga mata. Okay! Wala na ang Apollo na hubad na pabala-balandra. I gazed around the room and my eyes almost popped out when I saw the three guys sitting on the sofa. Sila lang naman iyong tatlong nakaengkwentro ko dati sa labas ng gate.

"Ano'ng ginagawa n'yo rito?" Kasabay ko pang sumigaw iyong guy na mukhang gangster-next-door ng...

"What the f*ck are you doing here?"

Medyo nagpanting ang tainga ko d'un, ah. Bukod sa hindi niya sinagot ang tanong ko, minura pa ako ng damuho. Iimik na sana ako pero pinangunahan ako ni Mike. He even stood between me and those guys.

"Don't cuss at her, Edge!"

“And why the f*ck not?” Edge retorted. “What is she to you and what the f*ck is she doing here?”

Nakakapagpanting talaga ng tainga. Sasabat na sana ako sa usapan kaso inagaw na ni Rap ang atensyon ko. He’s stretching his arms toward me, gusto na ako naman ang bumuhat sa kanya. Kasalukuyan kasi siyang buhat ni Mike at base sa expression sa mukha ng bata, natakot siya sa nadinig na usapan. Hindi kasi nakakarinig ng nagmumura ang batang iyan.

“Mama...” tawag pa niya.

“Is that your kid?” someone asked.

“Eh? Anak mo nga ’yan, Kuya?” sabat pa n’ung isa.

Iyong huling nagtanong ay iyong mukhang bata sa tatlo. The first one who asked was the one wearing eyeglasses. Kinuha ko si Rap mula kay Mike at pumuwesto sa tabi niya. I don’t need him to protect me from those three.

“Is she your wife?” tanong n’ung Edge.

Wife? Nagkatinginan kami ni Mike at sabay pa kaming napangiwi. Hindi naman kataka-taka na mapagkamalan kaming mag-asawa. Hindi nga kasi

kami magkamukha 'tapos Mama pa ang tawag sa akin ni Rap na splitting image naman ni Mike.

“Asawa mo, Kuya?” sigaw n’ung pinakabatang tingnan sa tatlo. Naitanong na, inulit pa! Tinagalog niya lang.

“She’s my twin sister a-holes!” Mike did a quick glance at me tapos napangiwi ulit siya bago bumalik ang tingin d’un sa tatlo na prenteng nakaupo sa sofa. “How can you even suggest that?”

“The kid called her Mama!”

“Mama ang tawag sa kanya, eh!” sagot n’ung ‘bata.’

“And so? Does that immediately mean that she’s my wife?” si Mike.

“Well, one would easily assume so, brother,” sabi ko. “They have a point. Your son calls me Mama and we don’t look like twins.”

Mike gave me a bewildered look at first bago niya ako tiningnan ng masama. “Kanino ka ba kampi?”

I shrugged at him. “Just saying.” Pero nawala iyong pagka-cool ko nang masilayan ko ang mokong na lumabas sa kuwarto niya. Naka-pants lang siya na super low-waist 'tapos iyong T-shirt niya yata

iyon ay nakasampay lang sa kaliwang balikat niya. Iyong akala ko dati na isang-ihip-lang-ng-hangin-matutumba-na na katawan niya, eh, maskulado pala.

Napalunok ako nang di oras at bumilis na naman ang tibok ng puso ko. Grabe! Ginawa kong harang si Rap para hindi ko makita ang katawan niya este siya pala.

“What the fudge, Irvine? Sabi ko magbihis ka! Bihis ba ang tawag mo diyan? Mag t-shirt ka ngang macho ka!”

Si Mike naman, palibhasa sira-ulot rin at kalahati, lumapit lalo sa akin at bumulong. “So macho pala, ha?”

“*Urusai!*” Napa-Nihongo ako eh hindi naman siya nakakaintindi n’un.

Tumawa siya nang wagas at mas lalo pang naging wagas nang tumingin siya kay Irvine. “Dude! Are... you... blushing?” he commented in a loud voice and laughed.

Eh? Na-curious tuloy ako. Gusto ko siyang makita na namumula kaso lang baka hindi niya pa rin naisusuot iyong T-shirt niya. Ma-expose na naman ang mga mata ko sa mala-Adonis niyang katawan, mahirap na.

“Shut up!” came his famous line.

Mas may inilakas pa ang tawa ni Mike at nadinig ko na may isa pang nakisali sa pagtawa kaya hindi ko na napigilan ang curiosity ko. Sumilip ako at...

“Grabe! You look cute... when you’re blushing, Irvs...”

Sumakit ang tiyan ko sa katatawa, pati si Rap nakisali sa tawa kahit na hindi alam ang pinagtatawanan. Natigil lang ako nang ihagis sa akin ni Irvine iyong T-shirt niya.

“Aanhin ko ’to?” Inihagis ko pabalik sa kanya iyong shirt. “Isuot mo na kasi. Masyadong nae-expose ’yang macho mong katawan.”

“Shut up!”

Binelatan ko lang siya ’tapos nagtago na ult ng ulo sa katawan ni Rap. I swear na narinig kong bumulong sa tabi ko si Mike na, “Weird... ipinapakita niya iyong reactions niya.’

Hmm?

Matapos ang magulong pagkikita-kita, masakit sa tiyan na pagtawa, we are all now seated in the

living room. Iyong Edge 'tsaka dalawa pang lalaki, nand'un pa rin sa mahabang sofa. Ako na karga pa rin si Rap ay nakaupo sa one-seater. Si Mike, nakaupo sa left sidearm ng upuan ko, si Irvine naman sa kanan. Medyo nakaka-suffocate, ha!

Si Irvs and bumasag sa katahimikan.

"I called you all here to meet Mayumi, Mike's twin sister, who's going to be part of the gang from now on," panimula ni Irvine.

I swear if only looks could kill, napatay na ako n'ung Edge. Super sama ng tingin sa akin. Parang kagustuhan ko na sumali sa gang nila, eh, kinulit lang naman ako nitong si Irvine tapos sinegundahan pa nitong si Mike at kataka-takang pati si Kuya ay pumayag. Sa totoo lang, ayokong sumali sa gang dahil takaw-atensyon iyon, and nowadays I hate being in the spotlight.

"New member?" Hindi lang pala tingin n'ung Edge ang makakapatay sa akin, pati na din iyong tono ng boses niya may lason. "Why?"

Irvine seemed unaffected by Edge's tone. Tumingin siya sa akin, which made my heart skip a beat. What the fudge?

"Mayumi." Mas lalong naging erratic ang tibok

ng puso ko with the way he uttered my name. May lambing. “Meet the gang. That’s Johann Martin Dimasuay. We call him Yoh. He’s the youngest of us all and is considered as the gang’s clown and mascot.” Itinuro niya iyong pinakabata ang hitsura sa tatlo. Ang liit ng mukha niya at medyo may pagkafeminine. His mischievous eyes twinkled when he smiled at me and I couldn’t help smiling back. Bato na ang hindi madadala sa smile niya. Cute, eh.

“Hi,” bati ko.

“Lo,” sagot niya. “Twin sister ka talaga ni Kuya Mike? Bakit hindi kayo magkamukha? Maganda ka.”

“Ano’ng gusto mong palabasin na bubwit ka?” sabat ni Mike na ikinatawa lang namin ni Yoh. When I glanced at Irvine, naka-smirk lang siya.

“Next is Francis John Grande III. Just call him Tres like we do. If you need any kind of information about anything, he’s the guy that can help you,” pakilala ni Irvine d’un sa guy na naka-eyeglasses.

I smiled timidly at him kasi napakaseryoso ng mukha niya. Parang laging magkadugtong ang mga kilay niya. But then he let out a little smile and I was able to relax. He has the kind of smile that could make you feel at ease instantly.

“Nice to meet you,” sabi ko.

“Same here,” sagot niya.

“Last one is Edge. David Edgewood. He’s my childhood friend from the States. He doesn’t understand Tagalog so you need to speak in English whenever he’s around,” pagtatapos ni Irvine sa pagpapakilala.

Natapos din ang pagngiti ko kasi ang sama pa rin ng tingin sa akin ng loko. Itong isang ’to magkadikit na ang dalawang kilay and his deep set eyes won’t stop glaring at me. Must be because sinipa ko siya the first time we met.

Speaking of...

“Uhm, sorry for what I did to all of you the last time we met. I didn’t know that you’re part of his gang and I just over-reacted when Edge there raised his baseball bat behind Irvine. I honestly thought you we’re going to hurt him. Sorry.” Pagkatapos sabihin iyong ay tumungo ako to show them my sincerity. At nanatili akong nakatungo dahil wala man lang sa kanila ang umimik.

“Speak up, guys,” Irvine said in a commanding tone.

Napatunghay ako and I saw how Tres and Yoh's eyes widened slightly. Samantalang si Edge, naningkit ang mga mata habang nakatingin sa akin.

“Okay lang iyong nangyari,” Yoh said with a smile on his face. “Welcome to the gang, Ate.”

“Forgiven. Forgotten,” sagot ni Tres. He adjusted his spectacles. “And you joining the gang would be interesting.”

“Not gonna happen.”

Alam mo iyong okay na, pero bigla na lang may nambasag ng mood mo? Ito kasing Edge na ’to hindi pa rin maka-get over. “You can’t just join the gang,” sabi pa niya sa akin ’tapos ibinaling niya ang atensyon kay Irvine. “IV, man, I don’t like her.”

“Good,” sagot ng mokong.

Anong good? Ang labo ng sagot niya, ha. Lahat kami napatingin sa kanya na may pagtataka sa mukha.

“So hindi na siya magiging—?” Naputol iyong tanong ni Mike when IV suddenly placed an arm around my shoulders.

Ako man, parang naputol ang paghinga. Pabigla-bigla kasi ang mokong, eh! And it seems pati iyong

tatlo parang naestatwa. Their eyes were bulging out.

Si Irvine naman walang ekspresyon na mababanaag sa mukha. “It’s good that you don’t like her,” sabi niya ’tapos tumingin sa akin at ngumiti. Iyong ngiti niyang nakakabulag. “Nevertheless I’ve already decided. She’s now part of the gang.”

Mas lalong naningkit ang mga mata ni Edge habang nagpapalipat-lipat ng tingin sa akin at kay Irvine. And if possible, mas lalong sumasama ang tingin na ipinupukol niya sa akin. “Then she would have to fight me.”

Darn it.